بسم الله الرحمن الرحيم


# GABAY NG HAJJI AT MU'TAMIR


INIPON AT INIHANDA NI

**TALAL BIN AHMAD AL-AQIL**

ISiNALIN SA PILIPINO NI

**ABURAFI OMRA ABDULKARIM ONGGO**


ININDORSO NI

**SHAYKH SALIH BIN ABDULAZIZ AL SHAYKH**

MINISTER OF ISLAMIC AFFAIR , DA'WAH , AND GUIDANCE

# REFERENCES


- At-Tahqeeq wal-Eedhah by Shaykh Abdul-Aziz bin Abdullah bin Baz
- sifatul-hajj wal-Umrah by Shaykh Muhammad bin Salih bin Uthaymeen
- Ahkam Takhtass bil-Muaminat by Dr. Salih bin Fawzan al-Fawzan
- Hisnul-Muslim by Shaykh Sa'eed bin Wahf al-Qahtani
- Fatawa al-Lijnah ad-Da'imah from the Permanent Committee for Religious Research - Riyadh, S.A



ح طلال بن أحمد العقيل، ١٤٢٣هـ
فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

العقيل، طلال بن أحمد
دليل الحاج والمعتمر، - جدة،
٨٠ صفحة ، ١٢ x ١٧ سم
ردمك: ٩-٩٦٤-٤١-٩٩٦٠
١ - الحج - مناسك ٢ - العمرة أ - العنوان
ديوي ٢٥٢,٥ ٢٣/٣٩١٧

رقم الإيداع: ٢٣/٣٩١٧
ردمــــــك: ٩-٩٦٤-٤١-٩٩٦٠



حقوق الطبع محفوظة



هاتف: ٦٣٩١٨٠٠ - فاكس: ٦٩٨٦٣٥٥ - جوال: ٠٥٥٦٤٨٦٥٩
ص . ب: ١٨٤٥٥ - جـدة ٢١٤١٥
المملكة العربية السعودية

أعوذ بالله من الشيطان الرجيم

ٱلْحَجُّ أَشْهُرٌ مَّعْلُومَٰتٌ ۚ فَمَن فَرَضَ فِيهِنَّ ٱلْحَجَّ فَلَا رَفَثَ وَلَا
فُسُوقَ وَلَا جِدَالَ فِى ٱلْحَجِّ ۗ وَمَا تَفْعَلُوا۟ مِنْ خَيْرٍ يَعْلَمْهُ
ٱللَّهُ ۗ وَتَزَوَّدُوا۟ فَإِنَّ خَيْرَ ٱلزَّادِ ٱلتَّقْوَىٰ ۚ وَٱتَّقُونِ يَٰٓأُو۟لِى
ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿١٩٧﴾ لَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَن تَبْتَغُوا۟
فَضْلًا مِّن رَّبِّكُمْ ۚ فَإِذَآ أَفَضْتُم مِّنْ عَرَفَٰتٍ
فَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ عِندَ ٱلْمَشْعَرِ ٱلْحَرَامِ ۖ وَٱذْكُرُوهُ كَمَا
هَدَىٰكُمْ وَإِن كُنتُم مِّن قَبْلِهِۦ لَمِنَ ٱلضَّآلِّينَ ﴿١٩٨﴾
ثُمَّ أَفِيضُوا۟ مِنْ حَيْثُ أَفَاضَ ٱلنَّاسُ وَٱسْتَغْفِرُوا۟ ٱللَّهَ ۚ
إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٩٩﴾ فَإِذَا قَضَيْتُم مَّنَٰسِكَكُمْ
فَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ كَذِكْرِكُمْ ءَابَآءَكُمْ أَوْ أَشَدَّ ذِكْرًا ۗ
فَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يَقُولُ رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِى ٱلدُّنْيَا وَمَا لَهُۥ
فِى ٱلْءَاخِرَةِ مِنْ خَلَٰقٍ ﴿٢٠٠﴾ وَمِنْهُم مَّن يَقُولُ رَبَّنَآ ءَاتِنَا
فِى ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِى ٱلْءَاخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿٢٠١﴾
أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ نَصِيبٌ مِّمَّا كَسَبُوا۟ ۚ وَٱللَّهُ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿٢٠٢﴾

# PAUNANG SALITA

Ang lahat ng papauri ay sa Allah lamang , na Siyang nag-obliga sa lahat ng Kanyang mga alipin na may kakayanan na magsagawa ng Hajj , at ang Hajj na katanggap-tanggap ay ginawang pambura sa mga kasalanan , at ang pagpapala at kapayapaan ay sumakanyang Propeta , ang pinakamainam na nagsagawa ng tawaf at sa'ey at ang pinagpalang nagsagawa ng talbiyyah at panalangin , at sa lahat ng kanyang pamilya at kasamahan at sa sinumang sumunod sa kanyang mga turo at yapak :

At aking binabati ang aking kapatid sa pananampalatayang Islam na dumating sa pinagpalang lugar magsagawa ng , at aking dinadalangin sa Allah na nawa'y pagaanin sa'yo ang pagsasagawa ng Hajj at 'Umrah na naaayon sa mga alituntunin nito , at nawa'y gawing taos – puso para sa Allah at naaayon sa Sunnah ng Kanyang Propeta ( sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan ) , at nawa'y tanggapin Niya ito at ilagay sa iyong timbangan ng mga kabutihan ..

Para sa aking kapatid sa pananampalatayang Islam na naglalayong magsagawa ng Hajj at 'Umrah .. at kapag ang bawat pagsakay ay may tsuper , at ang bawat paglalakbay ay may gabay , sa katotohanan ang gabay ng bawat magsasagawa ng Hajj at 'Umrah ay si Muhammad ( sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan ) , na siyang gabay tungo sa kanyang mga Sunnah At katuruan na siyang nagsabi .. **خذوا عني مناسككم " Kunin ninyo mula sa akin ang mga alituntunin sa pagsasagawa ng Hajj at 'Umrah " .**

At kaya nararapat sa bawat nagnanais na magsagawa ng Hajj at 'Umrah na pag-aralan ang mga katuruan ng Propeta sa pagsasagawa nito sa pamamagitan ng mga pinagkakatiwalaang mga aklat at pagtatanong sa mga pantas o may kaalaman hinggil sa mga bagay-bagay na di nito nalalaman ..

At nasa iyong mga kamay ngayon ang aklat na maliwanag sa mga pananalita nito at bagong lathala na naglalayong maibigay sa 'iyo ang mga batas at alituntunin sa pagsasagawa ng Hajj at 'Umrah . Umaasa ako na magiging gabay ito sa pagsasagawa mo ng Hajj at 'Umrah ..

# PAUNANG SALITA

At kapag may bagay na hindi mo naintindihan , ang Ministry of Islamic Affairs sa Kaharian ng Saudi Arabia ay nagagalak na mag-serbisyo sa 'iyo upang ipaliwanag sa 'iyo ito kung saan may inihandang mga centers at mga tanggapan na mga pantas o may kaalaman ang namamahala upang magbigay kaalaman para sa pagsasagawa sa mga kautusan ng Allah :

فَسۡـَٔلُوٓاْ أَهۡلَ ٱلذِّكۡرِ إِن كُنتُمۡ لَا تَعۡلَمُونَ ٧

{At magtanong kayo sa mga nakakaalam kung hindi ninyo ito alam}

At bilang panghuli nais kong ibigay ang aking malaking pasasalamat sa kapatid na si Talal bin Ahmad Al-aqil ang naghanda ng lathalaing ito , at dinadalangin ko sa Allah na ilagay lahat ng kanyang mga pagod at sakripisyo sa timbangan ng kanyang mga kabutihan at nawa'y gantimpalaan siya ng Allah ng malaking gantimpala at sa kanyang mga kasamahan sa pag-lilimbag ng mga lathalaing islamiko para sa mga nagsasagawa ng Hajj at 'Umrah .

At pinapayuhan kita at maging ang aking sarili na samantalahin ang mga mamahaling panahon sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga bagay na ikalulugod ng Allah , at pag-iwan sa lahat ng mga bagay na magiging dahilan ng pagkamuhi at pagkagalit ng Allah sapagkat Kanyang sinabi :

ۚ وَمَن يُرِدۡ فِيهِ بِإِلۡحَادِۢ بِظُلۡمٖ نُّذِقۡهُ مِنۡ عَذَابٍ أَلِيمٖ ٢٥

{At sinuman ang magnais dito ng kasamaan at pandaraya ipapatikim Namin sa kanya ang napakasakit na parusa}.

Dinadalangin ko sa Allah na nawa'y maging katanggap-tanggap ang iyong Hajj at patawarin ang iyong mga kasalanan na tanging ang Allah lamang ang nakakaalam , at ang pagpapala at kapayapaan sumakanyang alipin at sugo ang ating Imam at sinusunod ang minamahal nating si Propeta Mohammad , at sa kanyang pamilya at mga kasamahan at ang lahat ng sumunod sa kanilang yapak ..

Assalamo 'alykum wa rahmatollahi wa barakatoho ...

Kagalang–galang na Shiekh / Salih bin 'Abdilaziz bin Mohammad Al Shiekh
Ministro ng Islamic Affairs , Da'wah , and Guidance .

# ANG KA’BAH
# Ang qiblah ng mga Muslim

## ANG SAGRADONG KA’BAH Ang BAYTOLLAHIL ‘ATEEQ

Kanlungan ng mga puso ng mga Muslim saan man sila naroroon sa mundo , ang kanilang mga noo at puso ay may takot na nagpapakumbaba sa Allah ang Tangi at Nag-Iisa limang beses sa bawat araw at gabi..

Dumadating ang mga Muslim sa baytollahil ‘ateeq sa bawat sulok ng mundo upang isagawa nila ang hajj at magtawaf (umikot sa ka’bah ng pitong beses) , mula pa noong itinayo ito ni Propeta Abraham –suma-kanya ang kapayapaan- . At ang ka’abah ang unang bahay sambahan na nilagay sa mundo para sa sangkatauhan upang sambahin nila ang Allah rito na naaayon sa katuruan at gabay ng mga Propeta na may kasamang tunay na pananampalataya at malayo sa mga paniniwalang naligaw at haka-haka . Sinabi ng Allah :

إِنَّ أَوَّلَ بَيْتٍ وُضِعَ لِلنَّاسِ لَلَّذِي بِبَكَّةَ مُبَارَكًا وَهُدًى لِّلْعَالَمِينَ ﴿٩٦﴾
فِيهِ آيَاتٌ بَيِّنَاتٌ مَّقَامُ إِبْرَاهِيمَ ۖ وَمَن دَخَلَهُ كَانَ آمِنًا ۗ وَلِلَّهِ عَلَى النَّاسِ حِجُّ
الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا ۚ وَمَن كَفَرَ فَإِنَّ اللَّهَ غَنِيٌّ عَنِ الْعَالَمِينَ ﴿٩٧﴾

سورة آل عمران

{ Katotohanan , ang unang bahay- sambahan na itinayo para sa sangkatauhan ay ang nasa Bakkah na pinagpala at gabay sa sangkatauhan* Naroon ang mga maliwanag na palatandaan ang [bakas] ng tinayuan ni Abraham , at sinuman ang pumasok rito ay may kapayapaan , at pinag-uutos ng Allah sa sangkatauhan na magsagawa ng hajj sa sinumang may kakayanan , at sinuman ang tumalikod at di tumalima katotohanan ang Allah ay hindi nangangailangan sa sangkatauhan }

# MGA HALIGI NG ISLAM

**Sinabi ng Propeta – sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan –**

**Naitayo ang Islam sa lima**

At mula rito maliwanag sa atin na ang pagsasagawa ng hajj ay isa sa mga haligi ng Islam..

Hindi kumpleto ang pagiging Muslim ng isang tao na may kakayanan na magsagawa ng hajj hanggang sa ito ay kanyang isagawa ..

Ngunit isang pagpapala ng Allah na gawing obligado ang paghajj isang beses lamang sa buong buhay ng tao ..

Sa kadahilanan noong inobliga ng Allah ang paghajj nagwika ang isang lalaki at kanyang sinabi : Sa bawat taon ba o Sugo ng Allah? At Sinabi ng Propeta –sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan- : الحج مرة ، فمن زاد فهو تطوع . “Ang pagsasagawa ng hajj ay isang beses lamang,at sinuman ang dumagdag ito ay isang kawang-gawa .

At karapat – dapat na maging taos-puso ang pagsasagawa ng hajj para sa Allah lamang at hindi bilang pagpapakitang-tao sapagkat ang Allah ay nagwika sa isang Hadith Qudsi :

**أنا أغنى الشركاء عن الشرك “ Hindi ako nangangailangan ng mga katambal ”...**

at sinuman ang gumawa ng gawaing may pagtatambal sa akin iiwan Ko siya at ang kanyang itinambal sa Akin...

At nararapat din na ang pagsagawa ng hajj ay alinsunod sa katuruan ng Sugo ng Allah –sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan - , magkagayon ma’y aming pinaaalahanan ang aming mga kapatid na nais magsagawa ng hajj na bago pa man umalis ay nararapat na napag-aralan na kung paano nagsagawa ang Propeta –sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan- ng hajj ??

Upang masunod nila ito at maisakatuparan ang mga utos ng Propeta - sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan – sapagkat kanyang sinabi :.. خذوا عني مناسككم

“ Kunin ninyo mula sa akin ang mga alituntunin sa pagsasagawa ng Hajj at ‘Umrah ” .

**Ang Pagsaksi na walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Mohammad ay Sugo ng Allah**

**Pagtayo ng Salah**

**Pagbibigay ng Zakah**

**Pag-ayuno sa Ramadhan**

**Pagsasagawa ng Hajj**

# MGA PAALAALA : Mga Kaugalian sa Paglalakbay

1 – Nararapat sa isang magsasagawa ng hajj at 'umrah na naisin sa kanyang gagawin ang Allah lamang at ang pagpapalapit sa Kanya at iwasan ang mga hangaring makamundo o di kaya'y pagmamayabang o di kaya'y para puriin ng mga tao .

2 –Pinakamainam sa isang naglalakbay na isulat niya ang kanyang mga tagubilin at ari-arian at maging ang kanyang mga utang at isauli sa may-ari ang bagay na ipinagkatiwala sa kanya o di kaya ay magpaalam sa may-ari ng pananatili nito sa kanya , sa kadahilanang hindi natin hawak ang ating mga buhay kundi sa kamay ng Allah .

3 – Ang pagbabalik-loob sa Allah mula sa mga nagawang kasalanan at pagsisihan ito at pagsikapang huwag nang balikan ito.

4 – Ibalik ang mga karapatan , ari-arian ng ibang tao na nakuha sa pamamagitan ng pandaraya o panloloko o di kaya'y humingi ng kapatawaran sa mga nagawan nito .

5 – Gamitin at gastusin ang mga malilinis at walang bahid ng kasalanan na mga ari-arian sa pagsasagawa ng hajj o 'umrah sapagkat ang Allah ay malinis at wala Siyang tatanggapin maliban na lamang sa malinis .

6 – Ang paglayo sa lahat ng mga kasalanan , huwag gumawa ng mga bagay na makakasama sa kapwa maging ito man ay sa kanyang dila o kamay , iwasan ding makipagtulakan sa kapwa mga nagsasagawa ng hajj at 'umrah , iwasan din ang pagkakalat ng tsismis gayon din ang paninira at huwag ding makipagtalo sa mga kasamahan o ibang tao maliban na lamang sa kung ano ang nakakabuti , huwag magsinungaling at higit sa lahat huwag magsalita hinggil sa Allah ng walang kaalaman.

## MGA PAALAALA :
## Mga Kaugalian sa Paglalakbay

7 – Nararapat sa isang nagsasagawa ng hajj at ‘umrah na pag-aralan ang mga batas at mga alintuntunin ng hajj at ‘umrah .

8 – Isaalang-alang ng isang manlalakbay ang lahat ng kanyang mga obligasyon at ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang salah sa mga oras nito kasama ang jama’ah at paramihin ang pagsasagawa ng mga kinalulugdan ng Allah tulad ng pagbabasa ng Qur-an , at pagdhikir (pag-alaala sa Allah) , pagpanalangin at paggawa ng kabutihan sa kapwa salita man ito o gawa at pagtulong sa mga nangangailangan at pakikitungo ng mabuti sa mga Muslim at pagbibigay ng kawang-gawa  sa mga maralita , at pag-uutos ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan.

9 – Pinakamainam sa isang manlalakbay na sikaping makasama ang mga mabubuting kasama .

10 – Dapat taglayin ng isang manlalakbay ang magandang asal , at makitungo sa mga tao gamit ito , at sakop nito ang pagtitimpi , pagpatawad , pagkaawa at pagkakaroon ng mahabang pasensya ,hindi pagmamadali sa pagbibigay ng mga hukom , pagpakumbaba at pagkakawang-gawa , pagiging makatarungan , maasahan , tinutupad ang mga kasunduan at pangako sa kapwa , ang pagkakaroon ng hiya , pagiging totoo , at gumagawa ng kabutihan .

11 – Pinakamainam sa isang manlalakbay na payuhan ang pamilya niya ng takot sa Allah , na siya ring payo ng Allah sa mga nauna at huling tao .

12 – Pinakamainam sa isang manlalakbay ang palagiang panalangin at pag-alaala sa Allah na naaayon sa mga naiulat na katuruan mula sa Propeta – sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan - , isa na dito ang panalangin ng isang manlalakbay at panalangin sa pagsakay

(pahina 78).


# ANG IHRAM

### UNANG GAWAIN NG MAGSASAGAWA NG HAJJ AT 'UMRAH

Na nangangahulugan ng pagpasok sa hajj at 'umrah ; at ang panahon ng pagsasagawa ng 'umrah ay kahit anong oras / araw sa loob ng isang taon , at ang hajj ay sa buwan ng hajj lamang at ito ay ang : Shawwal , Dhul Qa'dah at ang unang sampung araw ng Dhul Hijjah

At magsisimula ang mga haligi ng hajj at 'umrah kapag nag-ihram na sa meeqat ..

At kapag nakarating na sa meeqat ang sinumang magsasagawa ng hajj o di kaya'y 'umrah , pinakamainam na maligo at magpabango kung hindi siya mahihirapan at walang problema kung hindi maligo , pagkatapos ay magsuot ng suot pang-ihram (ridaa at izaar) dalawang maputi at malinis na tela , walang natatanging kasuotan ang babae na Sunnah sa pag-iihram bagkus ay magsusuot siya ng damit na matatakpan ang kanyang buong katawan kahit anong kulay at hindi makikita ang kanyang mga palamuti




Pagkatapos ay mag-intensyon para sa ihram ng 'Umrah o Hajj at sasabihin ang At kapag nagsimula na sa pagtalbiyah nagpapahiwatig ito ng pagpasok niya sa hajj o 'umrah , at kapag ang pagdating niya ay sa pamamagitan ng barko o eroplano , naging kaugalian na na ipahayag ng mga tagapamahala nito sa mga pasahero kapag nalalapit na ang pagdaan nito sa meeqat , upang maghanda ang mga magsasagawa ng hajj at 'umrah sa pagsuot ng kanilang ihram , at kapag tumapat na sila sa meeqat ay magtatalbiyah na sila para sa hajj o 'umrah at paramihin nila ang pagbigkas nito. At walang problema sa ganitong sitwasyon na lumabas ng kanyang bahay ang isang magsasagawa ng hajj o 'umrah na nakasuot na ng suot pang-ihram at kapag natapat na sa meeqat ang sinasakyang barko o eroplano ay magsimula na siya sa pagtalbiyah bilang pagpapahayag ng kanyang pagpasok sa hajj o 'umrah .

At hayagan ang pagtalbiyah ng mga kalalakihan hindi ng mga kababaihan .

# Bago mag-ihram

**Bago mag-ihram gagawin ko ang mga sumusunod ...**

1 – Pagputol ng kuko at bigote , pagtanggal ng buhok sa kili-kili at sa maselang bahagi ng katawan.

2 – Pagligo sa buong katawan kung ito ay may kakayanan at walang problema kung hindi maligo.

**At ang pagligo ay Sunnah para sa mga kalalakihan at kababaihan maging ang may buwanang dalaw at kapapanganak pa lamang.**

3 – Huhubarin ng lalaki ang lahat ng mga may tahing damit at magsusuot ng suot pang-ihram .

4 – Huhubarin ng babae ang kanyang burqa' at niqab maging ang guwantis ..at magsusuot na lamang ng khimar (talukbong) upang ipangtabon niya sa kanyang mukha at ulo mula sa mga kalalakihan na hindi niya mahram (guardian) at kung takpan niya ang kanyang mukha ay wala itong problema .

5 – At pagkatapos maligo , magpabango ang lalaki sa kanyang katawan lamang hanggang gusto niya , at hindi ang suot pang-ihram .
Maging ang babae ay magpabango ng pabangong hindi naaamoy .

6 – Pagkatapos gawin ang mga nabanggit , mag-iintensyon sa pagpasok sa hajj at 'umrah na nais niya , at kapag nakapasok na katotohanan siya ay nakapag-ihram na kahit wala siyang banggitin , at kung gawin niya ang kanyang intensyon pagkatapos niyang magsalah ng fard (obligado) mas mainam . At kapag hindi oras ng obligadong salah at nagsalah siya ng dalawang ra'akah sa intensyong Sunnah ng pag-ablusyon ay walang problema . At kapag siya ay kapalit ng iba sa kanyang hajj o 'umrah siya ay mag-iintensyon para sa taong 'yon at magsasabing Labbayka Allahumma 'an Fulan..

| **Pamamaraan ng Pagtalbiyah** | Labbayka Allahumma labbayk , labbayka la shareeka laka labbayk , Innal hamda wan ni'mata laka wal mulk la shareeka lak ... |
|---|---|

| **Panahon ng Pagtalbiyah** | 'Pag 'Umrah : simula pag-ihram hanggang magsimulang magtawaf<br>'Pag Hajj : simula pag-ihram hanggang sa magsimulang magbato sa Jamratol 'Aqabah umaga ng 'Eid |
|---|---|

# ANG MGA MEEQAT

## LIMANG MEEQAT PARA SA PAG-IHRAM

Itinakda ng Propeta – sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan – ang limang meeqat para sa pag-ihram . Wajib (obligado) sa bawat nagnanais na magsagawa ng hajj at 'umrah na mag-ihram mula sa isa sa mga ito .

At ang mga MEEQAT na ito ay ang

| | |
|---|---|
| **Dhul Hulayfah** | Meeqat ng taga - Madinah at sa sinumang dumaan dito at ito'y tinatawag ngayon ng Abyar 'Ali , 450 km. ang layo sa Makkah |
| **AL-Juhfah** | Meeqat ng taga - Sham , Syria , Morocco , Egypt at sa sinumang dumaan dito at malapit ito sa lungsod ng Rabigh kung saan dito sila ngayon nag-iihram , 183 km. ang layo mula sa Makkah |
| **Qarn Almanazil** | Meeqat ng taga – Najd at sa sinumang dumaan dito at tinatawag ito ngayon ng As-Sayl Al-Kabir , 75 km ang layo sa Makkah |
| **Wadi Muharram** | Meeqat ng taga – Najd at sa sinumang dumaan dito at tanyag ito sa ganitong pangalan , 75 km ang layo sa Makkah |
| **Yalamlam** | Meeqat ng taga – Yemen at sa sinumang dumaan dito , at sa kasalukuyan ang mga tao ay nag-iihram sa As-sa'diyah 92 km ang layo sa Makkah |
| **Dhat 'Irq** | Meeqat ng taga – Iraq at sa sinumang dumaan dito , 94 km ang layo sa Makkah |

Ang wajib (obligado) sa bawat dadaan sa mga meeqat na ito na nagnanais magsagawa ng hajj o di kaya'y 'umrah na mag-ihram dito .. at sinuman ang lagpasan n'ya ito na kanyang sinasadya na di nag-ihram obligado sa kanya na balikan ito at kung hindi ay kailangan n'yang magdam (magkatay ng kambing sa Makkah at ipamigay ito sa mga maralita ng Makkah) .

## Sinabi ng Propeta – sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan - :


> "Sila (meeqat) ay para sa kanila at sa sinumang dumating sa kanila na hindi mamayan doon na nagnanais magsagawa ng hajj at 'umrah " .

(Bukhary&Muslim)

- At ang taga – Makkah at sinumang nasa loob nito na hindi mamayan doon : mag-iihram sila sa loob na mismo ng Makkah kung nais maghajj , at kapag nais mag-'umrah ay kailangan lumabas ng hangganan ng Al-Haram tulad ng At-Tan'em
- Samantala ang mga mamayan ng mga hindi nabanggit na lugar sa meeqat tulad ng mga mamayan ng

| | |
|---|---|
| Jeddah | Bahrah |
| Masturah | Umm Salim |
| Badr | Al-Shae' |

Sila ay mag-iihram sa kani-kanilang mga bahay o di kaya'y saan man sila datnan ng pagnanais na magsagawa ng hajj o 'umrah



## MGA PINAGBABAWAL PAGKATAPOS MAG IHRAM

Pagkatapos mag-ihram sa meeqat pinagbabawal sa isang magsasagawa ng hajj at 'umrah ang mga sumusunod ..











- Pagkuha ng buhok at pagputol ng kuko ngunit kapag nahulog ang mga ito ng hindi sinasadya o di kaya nakalimutan niya o di niya alam ang hukom o batas ay walang problema .
- Hindi maaaring magpabango sa katawan maging sa kasuotan , at walang problema sa naiwang bango sa katawan mula nu'ng inilagay niya ito bago pa mag-ihram , samantala kung nalagyan ng pabango ang suot pang-ihram ay dapat hugasan.
- Hindi maaaring takpan ng isang muhrim (nakapag-ihram na) ang kanyang ulo na mga pangtakip na didikit sa kanyang ulo . At kapag natakpan niya ang kanyang ulo dahil sa pagkalimot o di niya alam ang alituntunin dito ay obligadong alisin niya ito sa kanyang ulo kapag naalala niya o nalaman niya ang batas hinggil dito at walang parusa sa kanya.
- Hindi maaaring magsuot ang isang muhrim ng anumang kasuotang may tahi' maging ito man ay sa buong katawan o bahagi man tulad ng damit , t-shirt , pantalon maging ang sapatos . Maliban na lamang kung walang makitang izaar (puting tela na pambaba) ay maaari nyang isuot ang pantalon gayundin ang taong walang makitang tsinelas ay maaari nyang isuot ang sapatos.
- Hindi maaaring mamanhikan at magpakasal ang isang muhrim maging ito ay sa sarili niya o sa iba ...gayundin ang pakikipagtalik at paglalambing sa asawa na may kasamang pagnanasa , dahil sa hadith na naiulat ni Uthman – kalugdan nawa siya ng Allah - na nagsabi na sinabi ng Propeta – sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan- :

# MGA PINAGBABAWAL PAGKATAPOS MAG IHRAM

"**لا ينكح المحرم و لا ينكح و لا يخطب**"رواه مسلم

**" Di maaaring magpakasal ang isang muhrim at di rin maaaring magkasal gayon din ang pamamanhikan ".**

(Naiulat ni Muslim)











- Hindi maaari sa isang babae na naka-ihram na magsuot ng guwantis sa kanyang mga kamay at di niya maaaring takpan ang kanyang mukha gamit ang burqa' o niqab , at kung siya nasa lugar na maraming kalalakihan na hindi mahram na obligado sa kanya takpan ito gamit ang kanyang talukbong at iba pa , ito'y kahit hindi siya naka-ihram .

- Hindi maaari sa isang Muslim naka-ihram man o wala na pulutin ang mga natagpuang pera , ginto , pilak , at iba pa sa lugar ng Haram maliban na lamang kung nais niyang isauli sa may-ari nito.

- Ipinagbabawal sa isang Muslim naka-ihram man o wala ang panghuhuli ng mga hayop sa loob ng Haram maging ito man ay kanyang papatayin o di kaya ay takutin lamang upang umalis maging ang pagtutulungan sa gawaing ito ... At ang muhrim di niya ito maaaring gawin sa loob man o labas ng Haram .

- Ipinagbabawal sa isang Muslim naka-ihram man o wala ang pagputol ng mga halaman at puno sa loob ng Haram na kusang tumubo lamang at hindi gawa ng tao.

# MGA MAAARI SA ISANG MUHRIM




- Pagsuot ng relo
- Pagsuot ng Headset




- Pagsuot ng singsing
- Pagsuot ng Tsinelas




- Pagsuot ng Salamin
- Pagsuot ng Sinturon




- Paggamit ng Payong
- Pagsilong sa Sasakyan




- Pagligo at Paglilinis ng katawan
- Pagbalot ng mga Sugat

At maaari rin sa isang muhrim
**ang pagdala ng kanyang mga kagamitan at higaan sa kanyang ulo**
At pagpapalit ng suot pang-ihram at paglilinis nito, at kapag nakalimot ang isang muhrim at natakpan niya ang kanyang ulo o di kaya'y hindi niya alam ang hukom , kinakailangang tanggalin ang takip nito sa oras na maalala niya o malaman niya ang hukom at wala siyang pananagutan.

## Nararapat sa isang magsasagawa ng hajj na pumili ng isa sa tatlong pamamaraan ng pagsagawa nito :

Ito ang pinakamainam sa pamamaraan sa sinumang hindi pa nakadala ng kanyang alay

**1 At-Tamattu'**

**'Umrah**

**Hajj**

**Hadi (Alay)**

Ito ang pag-ihram ng 'umrah sa mga buwan ng hajj at ito ay ang : Shawwal , Dhul Qa'dah at ang unang sampung araw ng Dhul Hijja at binabanggit ng isang muhrim ang : Labbayka 'umratan mutamatti'an biha ilal hajj, at tatapusin niya ang kanyang 'umrah sa pagsasagawa ng tawaf , sa'ey at pagpapaputol ng buhok at pagkatapos nito ay pwede na sa kanya ang mga bagay na ipinagbawal nung nasa ihram pa siya.

At sa ika-walong araw ng Dhul Hijja ay muli s'yang mag-iihram ng hajj sa kanyang kinalalagyan mismo at lalabas patungo sa mga lugar na pinupuntahan sa paghahajj hanggang sa katapusan at obligado sa kanya na magkatay ng alay na kambing o kamelyo o baka , ngunit kapag wala s'yang kakayahan sa mga ito ay mag-aayuno siya ng tatlong araw sa hajj at pitong araw kapag naka-uwi na sa kanyang lugar at pamilya.

**2 AL-QIRAN**

**'Umrah**

**Hajj**

**Hadi (Alay)**

Ito ang pag-ihram ng 'umrah at hajj ng sabay at binabanggit ng muhrim ang : Labbayka 'umratan wa hajjan . At kapag nakarating na s'ya sa Makkah ay magsasagawa ng tawaf al-qudum at magsasa-'ey para sa hajj at 'umrah ng isahan lang at mananatili s'ya sa kanyang ihram at lalabas patungo sa mga lugar na pinupuntahan sa paghahajj sa ika-walo ng Dhul Hijja at ipagpapatuloy ang mga iba pang gawain sa hajj at 'umrah liban na lamang sa pagsa'ey sapagkat nagawa na niya ito . Obligado sa kanya na magkatay ng alay na kambing o kamelyo o baka , ngunit kapag wala s'yang kakayahan sa mga ito ay mag-aayuno siya ng tatlong araw sa hajj at pitong araw kapag naka-uwi na sa kanyang lugar at pamilya.

**3 AL-IFRAD**

**Hajj lamang**

**Walang Hadi**

Ito ang pag-ihram ng hajj lamang , kapag dumating na siya sa meeqat babanggitin niya ang : Labbayka Hajjan , at kapag nakarating na sa Makkah magsasagawa ng tawaf al-qudum at magsasa'ey para sa hajj at mananatili sa kanyang ihram hanggang matapos n'ya ang hajj at wala s'yang hadi' o alay sapagkat hindi n'ya pinagsama ang 'umrah at hajj .

Ito ang pamamaraang pinag-utos ng Propeta –sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan- sa kanyang mga kasamahan

**KAALAMAN**

# Ang Pag-iihram ay sa Meeqat para sa lahat

| MUFRID<br>ng Hajj LAMANG | QARIN<br>sa pagitan ng 'Umrah at Hajj | MUTAMATTI'<br>ng 'Umrah hanggangg sa Hajj |
| --- | --- | --- |
| Ang Pag-iihram ay sa Meeqat para sa lahat | | |
| 1 Tawaf Al-Qudum | Tawaf Al-Qudum | Tawaf para sa 'Umrah |
| 2 Sa'ey para sa Hajj | Sa'ey para sa Hajj & 'Umrah | Sa'ey para sa 'Umrah |
| | | Pagpapagupit |
| Mananatili sa Ihram hanggang sa araw ng pagkatay ng mga alay (ika-sampung araw ng Dhul Hijja) at lalayuan ang mga pinagbabawal sa Ihram | Mananatili sa Ihram hanggang sa araw ng pagkatay ng mga alay (ika-sampung araw ng Dhul Hijja) at lalayuan ang mga pinagbabawal sa Ihram | Tapos na ang Ihram sa 'Umrah at halal na sa kanya ang mga pinagbawal nu'ng naka-ihram pa siya kahit pa ang pakipagtalik sa kanyang asawa at mag-iihram muli para sa hajj sa araw ng tarwiyah (ika-walong araw ng Dhul Hijja) |

1 Ang Tawaf Al-Qudum ng Mufrid at Qarin ay Sunnah, walang pananagutan kung hindi nila ito isagawa

2 Kapag nakatawaf ng Qudum at pumunta sa Mina agad-agad, magsagawa ng sa'ey pagkatapos ng Tawaf Ifadah (tawaf ng hajj)

- Ang batang lalaki na wala pa sa tamang pag-iisip ay mag-iintensyon ng ihram para sa kanya ang kanyang mga magulang o guardian at hindi siya susuotan ng may tahing kasuotan at magtatalbiyah para sa kanya sa ganitong pamamaraan siya ay nagiging muhrim at ipinagbabawal sa kanya ang ipinagbabawal sa matatanda.
- Ang anak na babae na wala pa sa tamang pag-iisip ay gayundin.
- Dapat malinis ang kanilang katawan at kasuotan kapag nagtatawaf halintulad sa salah sapagkat ang kalinisan ay kondisyon sa salah upang maging katanggap-tanggap ito.
- At kapag nasa tamang pag-iisip o edad na silang dalawa ay sila mismo ang gagawa nito sa kanilang sarili at gagawin nila ang ginagawa ng matanda mula sa pagligo at pagpapabango at iba pa.

# PAMAMARAAN NG PAGSASAGAWA NG 'UMRAH

**Sinabi ng Propeta –sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan - :**

**" العمرة إلى العمرة كفارة لما بينهما و الحـج الـمبرور ليس له جــزاء إلا الجــنة "**

**" Ang 'Umrah patungo sa isa pang 'Umrah ay bumubura ng mga kasalanan sa pagitan nilang dalawa at ang Hajj Mabroor ay walang ibang gantimpala maliban na lamang sa Paraiso "**



## ANG TAWAF NG ‘UMRAH

### PAMAMARAAN NG PAGSASAGAWA NG ‘UMRAH

Kapag nakarating na ang isang magsasagawa ng ‘umrah sa Makkah pinakamainam sa kanya na maligo agad pagkatapos ay pumunta ng Masjid Al-haram kung saan nando’n ang ka’abah upang isagawa ang ‘umrah ngunit kapag hindi s’ya naligo ay wala itong sala .

At kapag papasok na siya sa Masjid al-haram ang kanang paa ang dapat iuna na binibigkas ang:

***‘Audho billahil ‘Adhim wa wajhihil kareem wa sultanihil qadeem minash shaytanir rajim , Allahumma iftah lee abwaba rahmatik.*** [Binabanggit din ito tuwing papasok sa lahat ng mga masjid]

Pagkatapos ay magtutungo sa Ka’bah para simulan ang pagtawaf at sunna na ***mag-idtiba’*** para sa lalaki sa tawaf ng ‘umrah at Qudum .At ang pamamaraan nito ay : ilalabas ang kanang balikat at ilalagay ang kanyang ***ridaa*** sa ilalim ng kanyang kanang kili-kili at ang dalawang dulo nito ay nasa ibabaw ng kanyang kaliwang balikat .

Pagkatapos ay simulan ang tawaf ng pitong ikot, magsisimula sa ***Hajar Al-Aswad*** (black stone), at kung makakaya niyang lumapit rito ay kanyang halikan nang walang taong tinutulak at hindi nakikipagsiksikan at walang pinapalo at walang minumura , sapagkat ang mga iyon ay di karapat-dapat at isa itong panghahamak sa kapwa Muslim , kung di n’ya kaya ay magbigay senyas na lamang at magsasabing ***Allaho Akbar*** nang hindi humihinto sa pagtatawaf .



Hindi maaaring makipagsiksikan sa iba at maminsala .

## ANG TAWAF NG 'UMRAH

**At ipagpapatuloy ang pag-ikot ng pitong beses**

At iwasang manakit ng kapwa sa pamamagitan ng panunulak at paninigaw.
At manalangin ng anumang nais at magbasa ng Qur-an ..
At dapat din malaman na walang natatanging panalangin sa pagtawaf tulad ng ginagawa ng iba.

**Kapag nakarating na sa *Rukon Al-Yamaani ,***

hipuin niya ito kung kaya niya , at di niya ito hahalikan o di kaya'y punasan ng tela tulad ng ginagawa ng ilan sa mga taong sumusuway sa Sunnah ng Popeta –sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan -, kapag hindi kayang hawakan ito ay magpatuloy na lang sa pagsasagawa ng tawaf at di na kailangang magbibigay senyas ; ang Sunnah habang nagtatawaf sa pagitan ng ***Rukon Al-Yamaani*** at Hajar Al-Aswad ay manalangin ng :
***Rabbana 'atina fid dunya hasanah wa fil akhirati hasanah wa qeena 'adhaban naar .***

رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِى ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِى ٱلْـَٔاخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿٢٠١﴾


سورة البقرة (Qur-an 2:201)

**Sa ganitong pamamaraan tatapusin niya ang kanyang tawaf ng pitong beses ,**

simula sa Hajar Al-Aswad at magtatapos rin rito ang bawat tawaf . Sunnah ang ***pagraml*** at ito ay ang paglakad ng mabilis na nagkasunod-sunod ang mga hakbang sa unang tatlong ikot ng tawaf qudum at 'umrah .

# ANG TAWAF






Magsimula sa Hajar Al-Aswad at magtatapos rin dito

## PAALAALA SA PAGTAWAF

- May nagtatawaf sa loob ng hijr na naniniwala na tama ang kanyang tawaf ngunit ang katotohanan ay ang hijr ay bahagi ng ka'bah , kaya dapat na magtawaf sa labas nito

- Ang paghawak sa lahat ng bahagi ng ka'bah at malamang sa mga pader nito at ang paghimas sa mga ito at maging sa tela nito at pintuan gayundin ang maqam Ibrahim ; ang lahat ng ito ay hindi ginawa ng Propeta – sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan - .

- Ang pakikipagsiksikan ng mga kababaihan sa mga kalalakihan habang nagtatawaf , at lalong – lalo na sa Hajar Al-Aswad at Maqaam Ibrahim , nararapat na layuan ang mga ito

**At kapag tapos na ang tawaf ay susunod niyang gagawin ang mga sumusunod :**

1 – Takpan ang kanang balikat

2 – Magsagawa ng salah na dalawang raka'ah sa likod ng maqam Ibrahim kung ito'y kanyang makakaya at kapag hindi ay magsalah na lamang sa kahit saan sa Masjid Al-Haram at ito ay Sunnah Mu'akkadah , babasahin sa unang ra'akah pagkatapos ng Fatiha ang Suratol Kafiron

سُورَةُ الكَافِرُونَ

at sa pangalawa ay ang Suratol Ikhlas ;

سُورَةُ الإِخلَاصِ

**ngunit 'kapag nagbasa siya ng ibang Surah ay wala ring problema ..**

## ANG SAFAA

Pagkatapos maisagawa ang tawaf

ay lalabas patungo ng Safaa para magsa’ey ng pitong beses at kapag malapit na sa safaa magsisimula sa kung ano ang sinimulan ng Allah na nagsabi :

﴿ إِنَّ ٱلصَّفَا وَٱلۡمَرۡوَةَ مِن شَعَآئِرِ ٱللَّهِۖ

{Katotohanan ang Safaa at Marwa ay kabilang sa malinaw na palatandaan ng Allah}

at aakyat siya sa Safaa at tatayo na nakaharap sa Ka’bah

at pupurihin ang Allah at magtatakbir ng tatlong beses at mananalangin ng marami na nakataas ang kamay at nagsasabing :
***La ilaha illa Allah wahdaho la shareka lah ,lahul mulk wa lahol hamd ,wa huwa ‘ala kulli shay-in qadeer , la ilaha illa Allah wahdaho anjaza wa’dah , wa nasara ‘abdaho wa hazamal ahzaba wahdah .***

At uulitin ito ng tatlong beses at maaaring manalangin kahit anong gusto niya at hindi niya itataas ang kanyang kamay maliban na lamang na siya ay nanalangin at hindi kailangang magsenyas kapag magtatakbir . Ang pagsenyas ng dalawang kamay ay ilan sa mga kamaliang madalas gawin ng mga nagsasagawa ng hajj at ‘umrah .


Pagkatapos ay bumaba ito ng Safaa

patungong Marwa na naglalakad at nanalangin ng nais na panalangin , at kapag nakarating sa berdeng palatandaan kinakailangang maglakad ng mabilis para sa mga kalalakihan lamang hanggang sa malagpasan niya ito ,
pagkatapos ay maglalakad ng normal hanggang sa maabot ang Marwah

# At kapag nakarating na sa Marwah


- Humarap sa Ka'bah at sabihin ang mga binanggit sa Safaa mula pag-akyat ngunit hindi ang ayah (bersikolo sa Qu-an) at manalangin ng nais na panalangin at bumaba at maglakad hanggang makarating sa berdeng palatandaan ang maglakad ng mabilis hanggang malagpasan niya ito at ipagpapatuloy ang normal na paglalakad hanggang sa makaakyat sa Safaa at sa ganitong paraan tatapusin niya ang kanyang Sa'ey ng pitong ikot , mula Safaa hanggang Marwah ay isang ikot , mula Marwah hanggang Safaa ay isa ring ikot .

- Ang sinumang nakaramdam ng pagod o sakit ay maaaring sumakay sa wheelchair habang nagsasa'ey .



At maaaring isagawa ng babaeng may buwanang –

- dalaw at ang babaeng kapapanganak pa lamang ang sa'ey sapagkat hindi ito kabilang sa Masjid Alharam.



At ilan sa mga laganap na kamalian

Ang mabilis na paglalakad ng mga kababaihan sa pagitan ng dalawang berdeng palatandaan habang nagsasa'ey



- Pagkatapos ng sa'ey ay magpapakalbo ang isang nagsagawa ng 'umrah o di kaya'y bawasan lamang ang kanyang buhok , ang pagpapakalbo ang pinakamainam liban na lamang kung siya ay mutamatti' ang pinakamainam sa kanya ay ang pagputol lamang ng kanyang buhok at gawin na lang sa hajj ang pagpapakalbo at dapat ay sakop ang buong ulo , at ang babae ay magpapaputol ng kanyang buhok na kasing haba ng unmulah o katulad ng ulo ng daliri.




At ito ang katapusan ng mga gawain sa pagsasagawa ng 'Umrah . . at maari na niyang

gawin ang mga bagay na ipinagbawal sa kanya noong naka-ihram pa siya .

## ANG SA'EY

Ang pitong ikot na sa'ey magsisimula sa Safaa at matatapos sa Marwah







Sa pagitan ng dalawang berdeng palatandaan maglalakad ng mabilis ang mga kalalakihan

# ANG PAMAMARAAN NG PAGSASAGAWA NG HAJJ

{ٱلْحَجُّ أَشْهُرٌ مَّعْلُومَٰتٌ}


**{ Ang pagsasagawa ng Hajj ay sa mga maliwanag na mga buwan}**



# ARAW NG TARWIYAH

## Ang ika-walong araw ng Dhul Hijja

Before noon



Dhuhr , 'Asr , Magrib at 'Isha



Spending the night

Magsisimula ang mga gawain ng hajj sa ika-walong araw ng Dhul Hijja na tinatawag na Araw ng ***Tarwiyah***

Sa araw na ito mag-iihram ng hajj ang isang mutamatti' ng umaga at gagawin ang ginawa sa ihram ng 'umrah mula sa pagligo , pagpapabango at pagsagawa ng salah at mag-iihram sa lugar na kanyang kinalalagyan .

Samantala ang Qaarin at Mufrid ay nanatili pa rin sa kanilang ihram .

At magtutungo ang mutamatti' , qaarin at mufrid sa Mina bago pa magdhuhor at magsasalah sila ng Dhuhr , 'Asr , Magrib at 'Isha sa kani-kanilang mga oras ng hindi pinagsasama at hindi pina-ikli ang apat na ra'akah ng dalawang ra'akah at mananatili sila rito ng buong gabi at dito magsasalah ng Fajr , at sinuman ang nasa Mina na bago pa ang araw ng tarwiyah ay mag-iihram na sa Mina ng umaga .

At ang Sunnah ay magpagabi ang isang nagsasagawa ng hajj sa Mina sa araw ng tarwiyah hanggang sa kapag nakapagsalah na ng fajr sa ika-siyam na araw hihintayin niya na sumikat ang araw bago magtungo ng 'Arafah ng mahinahon at nagtatalbiyah at nag-alaala sa Allah ng marami at nanalangin ng nais na panalangin .

# ARAW NG 'ARAFAH


## ARAW NG 'ARAFAH

Ang pananatili sa 'Arafah ay isa sa mga haligi ng Hajj at ang hajj ay hindi tanggap kapag wala ito sapagkat sinabi ng Propeta –sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan -:

**ARAW NG 'ARAFAH**

Ang kabuoan ng hajj ay ang pananatili sa 'Arafah ".

From sunrise



Until sunset



At ang araw na ito ang pinakamainam na araw na sinikatan ng araw , sa araw na ito magtitipon-tipon ang lahat ng mga nagsasagawa ng hajj sa lupain ng 'Arafah , mananatili sila rito mula paglihis ng araw sa tanghali hanggang Magrib at sa araw din ito ipagmamalaki ng Allah ang kanyang mga alipin sa kanyang mga anghel .
Isinalaysay ni 'Aishah –kalugdan nawa siya ng Allah- na sinabi ng Propeta –sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan- :

**« ما من يومٍ أكثر من أن يعتق اللّه فيه عبداً من النار من يوم عرفة ، و أنه ليدنو عزّ وجلّ ثم يباهي بكم الملائكة فيقول سبحانه و تعالى : ما أراد هؤلاء»**

" Wala nang araw na pinakamarami ang aliping pinalabas ng Allah mula sa impyerno sa araw ng 'Arafah , at katotohanan Siya na Allah ay pinagmamalaki kayo sa Kanyang mga anghel at nagsabi :

**Ano ang ninanais nila ? " .**

Hingin natin ito sa pagpapala ng Allah ..

# ARAW NG 'ARAFAH

## Ika-siyam na araw ng Dhul Hijja

Arafah




dhohr at 'asr na pinagsama at pina-ikli sa iisang



After sunset

Muzdalifah

At kabilang sa Sunnah ..
Pagpunta ng isang nagsasagawa ng hajj sa Namirah kung kaya ito , at kapag nalihis na ang araw ay papasok na sa hangganan ng 'Arafah at magsasagawa ng salah ng dhuhr at 'asr sa iisang adhan lamang at dalawang iqamah at mananatili sila rito hanggang sa paglubog ng araw … at mayroong maraming palatandaan na magtuturo nito .
At ang buong araw ng 'Arafah ay pananatili at pagtayo ng mga pag-alaala sa Allah kaya nararapat na sikapin ng nagsagawa ng hajj na magamit niya ang oras sa pagtalbiyah ,pagparami ng dhikr , at paghingi ng kapatawaran at pagpupugay sa Allah at pasasalamat , at haharap sa Allah ng mapagkumbaba at may takot , at nagsisikap sa pananalangin para sa kanyang sarili , pamilya at mga anak maging sa kanyang mga kapatid sa pananampalatayang Islam , at kapag pumasok na ang oras ng dhuhr magkakaroon ng sermon o khutbah ang Imam sa sangkatauhan bilang paalala at payo at katuruan , at pangungunahan ang pagsalah ng dhohr at 'asr na pinagsama at pina-ikli sa iisang adhan lamang at dalawang iqamah tulad ng ginawa ng Propeta –sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan- , at di maaaring magsagawa pa ng salah sa unahan o sa gitna o sa hulihan pagkatapos itong isagawa.
At nararapat sa mga nagsasagawa ng hajj sa araw na ito na mapagpala ang lumayo sa magiging dahilan ng kanyang pagkakasala na siya ring dahilan upang di makamit ang gantimpala ng Allah .



# MGA PAGKAKAMALI SA ARAW NG ARAFAH

Karamihan sa mga nagsasagawa ng hajj ay nakakagawa ng mga pagkakamali at nararapat na bigyang pansin..

- Pagpunta o paglabas sa mga hangganan ng Arafah at ang kanilang pananatili doon hanggang sa paglubog ng araw at pagkatapos pupunta sila sa Muzdalifah at sinuman ang gumawa ng katulad nito ay magiging walang saysay ang kanyang hajj.
- Pag-alis sa Arafah bago lumubog ang araw, ito ay hindi pinapahintulot dahil ito ay taliwas sa ginawa ng propeta Mohammad Salallahu Alayhi Wasallam.
- Pakikipagsiksikan at pakikipagtulakan upang makaakyat sa bundok ng Arafah upang tumungo sa tuktuk nito, at paghaplos nito para humingi ng tulong, at pagsasalah dito, ito ay Bid'ah ( bago o dagdag sa islam) na walang basihan mula sa pananampalataya, at bilang karagdagan; ang nagiging bunga nito ay nakakasama sa kalusugan at pangangatawan.
- At karagdagan sa mga pagkakamali ay ang pagharap sa bundok ng Arafat upang manalangin,


na ang nararapat gawin o sunnah ay ang humarap sa Qiblah.




# MUZDALIFAH

## SA PAGLUBOG NG ARAW SA ARAW NG MUZDALIFAH

Sa paglubog ng Araw



Papuntang Muzdalifah




Ang salatul Magrib at Eisah na pinagsama At pinaikli

Ang pamamalagi ng gabi Sa Muzdalifah

Salatul Fajr

Dhikr at Dua

Ang pamumulot ng Maliliit na bato



Papuntang Mina

ANG MUZDALIFAH sila ay magdarasal dito ng salah ng maghrib at Eisha na pagsasamahin ang dalawang salah at paiiksiin ang mga salah na pweding paiksiin, sa pamamagitan ng isang adhan at dalawang iqamah pagdating nila dito, at sila ay mananatili doon ng buong gabi na ang gagawin lamang ang alalahanin, pasalamatan ang Allahu taala mula sa kanyang mga kabutihan at pagpapala na naway isulat niya ito para sa kanila na ang pananatili nila sa arafah ay katanggap-tanggap para sa kanya.
Kadalasang pagkakamali na nagagawa ng mga nagsasagawa ng hajj pagkarating nila sa Muzdalifah na kailangang bigyang pansin ng mga nagsasagawa ng hajj ayang susunod:

- Ang pamumulot muna ng maliliit na bato bago ang magsalah ng maghrib at eisha’ na pagsasamahin at pagpapaiksi nito.
- Ang paniniwala na nararapat lamang pulutin ang mga maliliit na batong ito sa muzdalifah.
- Ang paghugas ng mga batong maliliit na ito na hindi ginawa ng sugo ( salallahu alayhi wasallam).

Ang sunnah katulad ng ating nabanggit na mananatili ang mga nagsasagawa ng hajj ng buong gabi sa Muzdalifah hanggang sa sila ay magdasal doon ng fajr.
At ang kababaihan, mga mahihina, at mga bata ay pinapahintulutang lumabas sa Muzdalifah at pumasok sa Mina pagkaraan ng kalagitnaan ng gabi o hanggang sa hindi na masilayan ang buwan.
Kapag ang nagsasagawa ng hajj ay nagsalah ng fajr, obligado sa kanya ang manatili sa (mash’ar al-haram) na ito ay isang bundok sa Muzdalifah o saan mang bahagi ng Muzdalifah, at humarap sa Qiblah at paramihin ang pag-alala sa Allahu taala, pagparami ng takbeer at du’a, pagkatapos bago sumikat ang araw o sa daan papuntang Mina mamulot ng pitong pirasong maliliit na bato na gagamitin sa pagbato ng ( jamratul aqabatul kubra) at ang kulang ay pulutin na sa Mina.


AT MULA DITO AY IPAGPAPATULOY NIYA ANG KANYANG PAGLALAKBAY MULA SA HABAG NG ALLAH PATUNGO SA MINA NA NAGTATALBIYA NA MAY PAGKATAKOT SA ALLAHU TAALA AT PAGPAPARAMI NG PAG ALAALA SA KANYA.

## PAGKARATING NG NAGSASAGAWA NG HAJJ SA MINA

MAGSIMULANG TUMUNGO SA JAMRATUL AQABAH NA ITO AY MALAPIT SA MAKKAH,

KAPAG NAKARATING NA NG JAMRATUL AQABAH NARARAPAT NG HUMINTO SA PAGTATALBIYAH AT DOON AY GAWIN ANG MGA SUMUSUNOD.

1



PAGBATO SA JAMRATUL AQABAH NG PITONG MALILIIT NA BATO NA SUNOD-SUNOD NA SA BAWAT BATO AY BABANGGITIN ANG ALLAHU AKBAR




2



PAGKATAY NG HADIY O ALAY NA HAYOP SA SINO MANG MAY ALAY NA ITO AY IPAPAKAIN SA MGA MUSLIM NA MAHIHIRAP KUNG KAYA NIYA ITONG KATAYIN O DI KAYA AY IPAKATAY NIYA SA IBA.



3




PAGPAPAGUPIT O PAGPAPAIKSI NG BUHOK SA ULO AT ANG PAGPAPAKALBO ANG SIYANG MAINAM, AT SA KABABAIHAN AY ANG PUTULAN O PAIKSIIN LAMANG ANG KANILANG MGA BUHOK NG ISANG PULGADA.



ITO ANG PINAKAMAINAM NA PAGKASUNOD-SUNOD
SUBALIT KUNG SAKALING MAGKAKAPALIT, NA KUNG MAUNA ANG ALIN MAN SA MGA NABANGGIT AY WALA ITONG MAGIGING PROBLEMA.

# ARAW NG PANGANGATAY

Pagtungo sa Jamratul Áqabah (malaking haligi)




Pagtigil sa pagbigkas ng Talbiyyah

Babatuhin ang malaking poste o haligi

Pagsasabi ng Allahu Akbar sa Eíd



Pagkatay ng Hadiy



Pagpakalbo o pagbawas ng buhok

## IKASAMPUNG ARAW NG DHIL HIJJAH

Sa araw ng mabiyayang Éid, ang mga Muslim sa buong mundo at ang mga Hujjaaj (nagsipaggawa ng Hajj) sa Mina ay kanilang sinasalubong ang araw na ito sa pamamagitan ng masayang pagmumukha, sila ay nagagalak sa mga biyayang ipinagkaloob ng Allah sa kanila, sila’y nagsipagkatay sa kanilang mga Hadiy (hayop na kinakatay ng isang nagsasagawa ng Hajj) at kanilang mga Udhiyah (mga hayop na kinakatay sa araw ng éid) bilang pagpapalapit sa Allah ang Kataastaasan, at magsisimulang mag-takbeer (pagsasabi ng Allahu Akbar) ang nagsasagawa ng hajj para sa eíd pagkatapos ng pagbato sa Jamaratul Áqabah (malaking poste) habang sinasabi niya ang…. Allahu Akbar Allahu Akbar Allahu Akbar, Laa Ilaaha Illallahu Allahu Akbar, Allahu Akbar Wa Lillaahil Hamd….[Ang Allah ay Dakila ang Allah ay Dakila ang Allah ay Dakila, Walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban lamang sa Allah, ang Allah ay Dakila ang Allah ay Dakila at para lamang sa Kanya ang papuri at pasasalamat).

***MgaPagkakamaling Nagagawa ng Ibang mga Nagsasagawa ng Hajj sa Pagbabato ng Jamaraat (mga haligi) at Kabilang Na rito ay ang mga Sumusunod:***

- Paniniwala ng iba na ang kanilang binabato ay walang iba kundi ang mga shaytaan, kaya’t naman ang mga ito ay binabato nila ng may panggagalaiti at pangangatal dahil sa mga shaytaan na ito…. Pakatandaan na hindi ipinag-utos ang pagbato maliban na lamang na ito ay upang itayo ang pag-alaala sa Allah.

- Pagbato sa mga haligi sa pamamagitan ng malaking bato o di naman kaya’y sa pamamagitan ng anumang uri ng panyapak, o maging ang kahoy, at lahat ng mga ito ay pagpapalabis sa pananampalataya na kung saan ipinagbawal ng mahal na Sugo ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan).

- Pakikipagsiksikan at pakikipagtulakan sa mga haligi dahil lamang sa pagbato, ito ay malaking pagkakamali. At ang nararapat na gawin ng isang nagsasagawa ng hajj ay ang kahinahunan sa kanyang mga kapatid at pagtitiyak sa pagbato ng tamang lugar na ang bato ay makapasok sa salansanan kahit natamaan niya o hindi natamaan ang mismong haligi.

- Ang lahatang pagbato ng isang beses, na kung kaya, sa ganitong kalagayan, ito ay ibibilang lamang na isang pagbato. At ang nararapat ay ang pagbato ng isa isa sa bawat bato kasama ang pagbigkas ng Allahu Akbar sa bawat bato.

Kapag natapos na ang pagbato sa malaking haligi o poste at siya ay tapos na ring magpakalbo o magpagupit, katiyakan nakumpleto na para sa kanya ang unang tahallul (pagiging malaya sa kalagayan ng Ihraam)


at siya ay nagiging malaya na din sa mga ipinagbabawal sa kanya sa kalagayan ng Ihraam maliban lamang sa pakikipagtalik o anumang kumakatawan dito sa kanyang asawa.

# ANG JAMARAAT (MGAPOSTE)
# Sa Pagdating sa Mina

1 Ang mga sumusunod ay ang mga gawain sa umaga ng araw ng Éid..




Umpisahan ang pagbato sa jamaratul áqabah (malaking poste) lamang sa pamamagitan ng pitong bato Kasabay ng pagbato nito ay ang pagbigkas ng Allahu Akbar sa bawat pagbato




2 Ang tatlong araw ng Tashreeq

Babatuhin mo ang tatlong poste, ang maliit, katamtaman, at malaking poste .

Sa bawat poste ay babatuhin ng pitong bato kasabay sa bawat pagbato ay ang pagbigkas ng Allahu Akbar



# ANG TAWAAF AL IFAADHAH

## HALIGI MULA SA MGA HALIGI NG HAJJ

Ang Tawaaf al Ifaadhah ay haligi ng hajj na kung saan hindi magiging ganap ang hajj kung wala ito .

Pagkatapos ng pagbato sa malaking poste sa umaga ng eíd, siya ay bababa patungong Makkah para isagawa ang tawaaf ng pitong ikot bilang tawaaf al ifaadhah at pagkatapos siya ay magsasagawa ng sa'ey (pagpunta sa bundok ng safah at bundok ng marwah) ng pitong beses kung siya ay isang mutamatti' (nagsasagawa ng hajj tamattu'), o di naman kaya, kapag siya ay hindi nakagawa ng sa'ey noong una kasama ang tawaaf al qudoom (tawaf sa pagdating) sa sinuman na ang kanyang hajj ay hajj qiraan at hajj ifraad…

At pinapayagan………

Pagpapaliban ng tawaaf al ifaadhah hanggang sa pagkatapos ng mga araw sa mina. At ang pagbaba patungong Makkah ay pagkatapos ng pagbato sa mga poste….



At pagkatapos ng pagbato, pagpapagupit o pagpapakalbo, tawaaf al ifaadhah, at pagsasagawa ng sa'ey sa sinumang nararapat na magsagawa nito, pinapahintulutan sa kanya ang lahat ng mga ipinagbawal sa kanya dati na siya ay nasa kalagayan ng ihram ………. maging ang kanyang asawa .

# ARAW NG TASHREEQ

Ito ay mag-uumpisa kasama ang gabi ng ikalabing isa ng Dhul Hijjah

- Pagkatapos ng tawaaf al ifaadhah sa araw ng pangangatay babalik ang nagsasagawa ng hajj sa Mina para sa pagpapagabi sa tatlong araw ng Tashreeq
- Para sa pagpapagabi ay dalawang gabi sa sinumang nagnanais na magmadaling umalis ng Mina bilang pagsunod sa sinabi ng Allah: [Q 2:203]

At alalahanin ninyo ang Allâh (سبحانه وتعالى), dakilain at luwalhatiin sa mga nabibilang na mga araw na tinatawag na ***'Ay-yam At-Tash-riq'*** (ang ika-11, ika-12, ika-13 ng buwan) ng ***'Dhul Hijjah.'*** Magkagayunpaman, sino man ang nagmamadali (kung sakali) at pagkatapos

وَٱذۡكُرُواْ ٱللَّهَ فِيٓ أَيَّامٖ مَّعۡدُودَٰتٖۚ فَمَن تَعَجَّلَ فِي يَوۡمَيۡنِ فَلَآ إِثۡمَ عَلَيۡهِ وَمَن
تَأَخَّرَ فَلَآ إِثۡمَ عَلَيۡهِۖ لِمَنِ ٱتَّقَىٰۗ وَٱتَّقُواْ ٱللَّهَ وَٱعۡلَمُوٓاْ أَنَّكُمۡ إِلَيۡهِ تُحۡشَرُونَ ٢٠٣

ay umalis siya ng ***'Mina'*** sa ika-12 bago lumubog ang araw, matapos niyang bumato sa 'Jamarat' ay wala siyang pagkakasala.

Subalit sinuman ang nais na magpaiwan at matutulog pa rin (sa gabi) roon (sa 'Mina') hanggang sa siya ay makapagbato (kinabukasan) sa 'Jamarat' – ang ika-13 ng 'Dhul Hijjah,' ay wala siyang kasalanan, bagkus ito ay gawain lamang ng sinumang natatakot sa Allâh sa kanyang pagsasagawa ng ***'Hajj.'***

Ito ay para lamang sa nagsasagawa ng kanyang ***'Hajj'*** na natatakot sa Allâh (سبحانه وتعالى). Ang gagawing pagpapahuli ay makabubuti nang labis, dahil sa ito ay makadaragdag sa ***'Ibâdah'*** (pagsamba) at bilang pagsunod (na rin) sa ginawa ni Propeta Muhammad (ﷺ). At kung kaya, katakutan ninyo ang Allâh (سبحانه وتعالى), O kayong mga Muslim, bantayan ninyo ang inyong mga sarili at ilayo sa pagkakasala sa lahat ng inyong mga gawain. At dapat ninyong malaman na pagkatapos ninyong mamatay ay titipunin Niya kayo sa Araw ng Pagtutuos at Paghuhukom.

**Mga Obligadong Gawain sa Araw ng Tashreeq para sa Nagsasagawa ng Hajj.........**

- Pagbato sa lahat ng poste sa mga araw ng pananatili sa Mina.
- Ang pagsasakatuparan sa pagbigkas ng Takbeer (Allahu Akbar)
- Ang pagpaparami sa pagpaalaala at panalangin.
- Pananatili sa pagiging mahinahon at kapanatagan.

- **Nararapat iwasan...... ang pakikipagsiksikan, pakikipagtalo, at pakikipag-away**

Gabi ng ikalabingisa ng Dhul Hijjah

Gabi ng ikalabindalawa ng Dhul Hijjah

Gabi ng ikalabintatlo ng Dhul Hijjah



# ANG PAGBATO SA MGA POSTE

## MGA PANUTO AT TAGUBILIN

Mula sa Sunnah..

- Ang pagtigil sa maliit at katamtamang poste pagkatapos ng pagbato sa mga ito na nakaharap sa qiblah at nakaangat ang kanyang dalawang palad sa itaas habang nanalangin sa Allah anuman ang kanyang naisin na hilingin na ito ay nararapat gawin na walang halong pakikipagsiksikan at pakikipagtulakan..

> Ngunit para sa malaking poste na ito ay ang jamaratul áqabah ay walang pagtigil na magaganap pagkatapos ng pagbato nito at wala ding panalangin o duáa

- Sa sinuman ang nagmamadali na sa halip ay tatlong araw siyang mananatili sa Mina ngunit ninais niya na dalawang araw lamang kinakailangan niyang magbato sa lahat ng poste sa araw lamang ng ikalabing isa at ikalabindalawa at hindi na sa ikalabintatlo at pagkatapos siya ay lalabas ng Mina bago pa lumubog ang araw. Ngunit kapag siya ay naabutan ng paglubog ng araw at siya ay hindi pa nakaalis ng Mina kinakailangan na siya ay manatili sa Mina para sa pagpapagabi sa ikalabintatlong gabi at siya ay babatong muli sa tatlong poste kinabukasan.

  Hanggat hinanda niya ang kanyang sarili para sa pagmamadali at siya ay lumisan sa Mina pagkatapos siya ay naabutan ng paglubog ng araw habang papaalis hindi niya kailangan pang magpagabi sa Mina



# PAMAMAALAM NA TAWAAF

## Pagkatapos ng Paglabas sa Mina

Ang nagsasagawa ng Hajj ay tutungo papuntang Makkah upang isagawa ang tawaaf sa palibot ng Ka'bah, pagkatapos na maisakatuparan ng mga nagsasagawa ng Hajj ang kanilang mga gawaing Hajj mula sa mga haligi ng Hajj at mga obligadong gawain nito, sila ay magsasagawa ng Tawaaf al Widaa' (pamamaalam na tawaaf) na ito ang pinakahuling gawain na isasagawa ng Hajj sa loob ng Masjid al Haram … bilang pagsunod sa utos ng Sugo ng Allah (ﷺ),na nagsabi…

> Hindi nararapat na lumabas o umalis (sa Makkah) ang isa man sa inyo hanggat ang kanyang huling gawain ay ang Tawaaf (pamamaalam na tawaaf)


Muttafaqun alayh

At ang Tawaaf al Widaa' ay ang pinakahuling gawaing obligasyon ng Hajj..

Kinakailangan sa kanya na isagawa ito bago ang kanyang paglalakbay para sa kanyang pag-uwi sa kanyang lugar

At walang sinuman ang mag-iwan nito maliban na lamang sa mga may buwan ng dalaw at mga babaeng may dugo.

Silay ay walang pananagutan sa hindi nila pagsagawa nito .. at wala kabayaran para sa kanila



# KAPAKINABANGAN

## MGA HALIGI AT OBLIGASYON NG HAJJ

| MGA HALIGI NG HAJJ | |
|---|---|
| 1 | Ang Ihraam |
| 2 | Ang Pananatili sa Árafah |
| 3 | Ang Tawaaf (Tawaaf al Ifaadhah) |
| 4 | Ang Sa'ey |

Sino man na kanyang iwanan ang isa sa mga haligi ng Hajj ay hindi kompleto ang Hajj maliban na lamang na ito ay kanyang isasakatuparan

| MGA OBLIGADONG GAWAIN NG HAJJ | |
|---|---|
| 1 | Ang pagsagawa ng Ihram sa Meeqat |
| 2 | Ang pananatili sa Árafah hanggang sa paglubog ng araw |
| 3 | Ang pagpapagabi sa Muzdalifah |
| 4 | Ang pagpapagabi sa Mina sa araw ng Tashreeq |
| 5 | Ang pagbato sa mga poste |
| 6 | Ang pagpapa ahit o pagpapagupit |
| 7 | Ang Tawaaf al Widaá |

Sino man na kanyang iwanan ang isa sa mga obligadong gawain ng Hajj ay kinakailangan niyang magkatay bilang kabayaran sa kanyang pag-iwan

Isang kambing o tupa na kanyang kakatayin sa loob ng Makkah at pagkatapos kanyang ipamamahagi ang karne nito sa mga mahihirap at hindi maaaring siya ay kukuha mula rito para kainin niya

# MGA BATAS AT HATOL PARA LAMANG SA MGA KABABAIHAN



# ANG BABAENG MANANAMPALATAYA

## MGA BATAS PARTIKULAR PARA SA MGA KABABAIHAN

### Mga Kondisyones sa Obligadong Hajj Para sa Kalalakihan at Kababaihan

Muslim

Matinong Kaisipan

Wastong Gulang

Hindi Alipin

May Kakayahan

Patungkol naman sa kababaihan kabilang sa kondisyon ay ang magkakaroon ng Mahrampagkakaroon ng Mahrampagkakaroon ng Mahram

Na kung saan siya ay kasama niya sa paglalakbay papuntang Hajj ba tulad na lamang ng kanyang asawa o sinumang mula sa kalalakihan na hinding-hindi niya maaaring mapangasawa kailanman na tulad ng kanyang ama, kanyang anak, kanyang kapatid, kanyang kapatid sa pagpapasuso, asawa ng kanyang ina na hindi niya tunay na ama, o anak na lalaki ng kanyang asawa sa ibang asawa…
Ang batayan hinggil dito ay ang hadith ni Ibn Ábbaas (kalugdan nawa siya ng Allah)..
Na katiyakan kanyang narinig ang Propeta Muhammad (ﷺ) na nagsasabi..
Hindi maaari na magkasama ang lalaki at ang babae maliban na lamang na ang babae ay mayroon mahram
At hindi nararapat na ang babae ay maglalakbay maliban na lamang na mayroon siyang mahram
Tumayo ang lalaki at nagsabi sa Sugo ng Allah(ﷺ): O Sugo ng Allah! Ang aking asawa ay maglalakbay para isakatuparan ang Hajj at ako’y nakatakda nang sumama sa ganitong labanan. Sinabi sa kanya ng Sugo (ﷺ):
“Maaari ka nang umalis at isagawa mo ang Hajj kasama ang iyong asawa.”
Pinagkasunduang hadith..
Mula sa salaysay ni Ibn Úmar (kalugdan nawa silang dalawa ng Allah) ay nagsabi: Sinabi ng Sugo (ﷺ):

Hindi maaaring maglakbay ang tatlong babae maliban na lamang na may kasamang mahram

Pinagkasunduang hadith…

At ang mga hadith hinggil sa ganitong bagay ay napakarami na nagbabawal sa isang babae na maglakbay para sa Hajj at iba pa ng walang kasamang mahram, dahil ang babae ay likas sa kanya ang kahinaan na maaaring sumagi sa kanya ang kahirapan o mga bagay na hindi inaasahan sa kanyang paglalakbay na walang pwedeng humarap sa mga ito maliban na lamang ang mga kalalakihan na kung saan ito ang nais ng mga masasamang tao kaya’t kailangan na mayroong mangangalaga at magtatanggol sa kanya…

# MGA PANUTO

## Kondisyon Para sa Isang Muhrim Bilang Kasama ng Babae sa Kanyang Hajj

MUSLIM

MATINONG KAISIPAN

WASTONG GULANG

Kapag wala siyang kakayahan na makatagpo ng kanyang Mahram nararapat sa kanya na maghirang ng isang tao na magsasagawa ng Hajj para sa kanya..

Kabilang sa mga hatol at batas para sa kababaihan na may kaugnayan sa Ihraam ay ang mga sumusunod..

1. Kapag ang Hajj na kanyang isasagawa ay boluntaryong Hajj, ang pagpapahintulot ng kanyang asawa sa kanya para sa Hajj ay isang kondisyon, dahil mawawalan ng karapatan sa kanya ang kanyang asawa, at mayroon din karapatan na pigilan siya ng kanyang asawa kung ang Hajj na isasagawa niya ay boluntaryo.
2. Pinagkasunduan ng mga pantas na maaaring magsagawa ang babae ng Hajj o 'Umrah para sa lalaki, na tulad din umano ng pagpapahintulot sa kanya na magsagawa ng Hajj o Úmrah para sa ibang kababaihan maging ito man ay para sa kanyang anak na babae o sa ibang babae.
3. Kapag mayroong mangyari sa kanya na hindi inaasahan habang siya ay nasa daan patungong Hajj ito man ay dahil sa buwan ng dalaw o nifaas (pagdurugo na sanhi ng kapanganakan) nararapat na kanyang ipagpapatuloy ang kanyang Hajj at gagawin niya ang mga gawaing Hajj na tulad ng mga ginagawa ng mga babaeng malilinis maliban na lamang na siya ay hindi maaaring magsagawa ng tawaaf. Kung sakaling dumatal sa kanya ang mga ganitong pangyayari sa panahon ng kanyang pagsasagawa ng Ihraam ay ipagpapatuloy niya ang Ihraam dahil hindi kondisyon ng Ihraam ang kalinisan.
4. Kung ano ang ginagawa ng kalalakihan sa tuwing papasok sa Ihraam ay ganoon din ang gagawin ng kababaihan mula sa pagligo, paglilinis pagputol ng kuko o paghait ng buhok sa mga maseselang bahagi ng katawan at wala ding anuman na siya ay maglagay ng pabango sa kanyang katawan mula sa mga pabango na may katamtamang amoy alinsunod sa hadith ni Áishah (kalugdan nawa siya ng Allah) na nagsabi..

Kami ay lumabas kasama ang Sugo ng Allah ( ﷺ ) at kami ay naglagay sa aming mga noo ng pabango sa pagsuot namin ng Ihraam, kaya't ang isa man sa amin ay pinapawisan ang pabango ay umaagos sa kanyang mukha at ito ay nakikita ng Sugo ( ﷺ ) ay hindi niya kami pinagbawalan.


Abu Dawood

# ANG BABAENG MANANAMPALATAYA

5. Sa pagpasok niya sa Ihraam ay huhubarin ng babae ang kanyang burqah o niqaab (tabing sa mukha) kapag siya ay nagsusuot ng mga ito bago ang pagpasok sa Ihraam, sinabi ng Sugo (ﷺ)

Hindi magsusuot ang babaeng naka-ihraam ng niqaab

Maaari niyang takpan ang kanyang mukha ng bukod sa burqah o niqaab na tulad ng pagpapalagay ng tela sa kanyang mukha sa tuwing mayroon siyang katabi na hindi niya mahram at gayun din kanyang tatakpan ang kanilang mga palad kamay ng hindi guwantes na tulad ng damit kapag mayroon silang kasama na hindi nila mahram dahil ang mukha at kanilang kamay ay bahagi ng áwrah ayon sa pinakatamang pananaw na kinakailangan na ang mga ito ay takpan sa mga lalaking hindi nila mahram sa kalagayan na sila ay nasa Ihraam at iba pang kalagayan.




6. Pinapahintulutan sa isang babae na siya ay nasa kalagayang Ihraam na kanyang isuot ang anumang damit na kanyang gugustuhin mula sa mga kasuotan ng mga kababaihan na kung saan ito ay walang mga palamuti at hindi kahalintulad sa kasuotan ng mga kalalakihan at hindi rin masikip na makikita ang hubog ng kanyang pangangatawan at hindi rin manipis, hindi rin maigsi na makikita ang kanyang mga binti o kanyang mga braso bagkus kinakailangan na ito ay maluwang, mahaba, at makapal.

At pinagkasunduan ng mga pantas sa Islam na ang isang babae na naka-Ihram ay maaaring magsuot ng kamiseta, kappa, salawal, belo, at iba pa, at walang partikular para sa kanila na magsuot ng tukoy na kulay na tulad ng luntian bagkus anuman ang naisin niyang kulay na isuot ay maaari niya itong gawin mula sa mga pambabaeng kulay, maging ito man ay pula, berde, o itim, at maaari din niya itong palitan kahit kailan kung ito ay kanyang nanaisin.

Al Mughni 3/ 328

7. Sunnah sa isang babae na magbigkas ng talbiyyah pagkatapos ng Ihraam na hindi malakas ang boses na siya lamang ang makakarinig , bagkus di kanais-nais na palakasin niya ang kanyang boses bilang pangangamba na maging dahilan ito ng fitnah, kayat ayon dito hindi Sunnah sa mga kababaihan ang tumawag ng adhaan at iqaamah at ang Sunnah para sa kanya ay ang pagpapabatid sa salah sa pamamagitan ng palakpak ng walang tasbeeh (pagsasabi ng Subhaanallah).

Al Mughni 2/ 330-331

# BABALA

8. Sa pagsagawa ng tawaaf ay kinakailangan sa isang babae na takpan niya ang kanyang buong katawan at hihinaan niya ang kanyang boses, ibababa ang kanyang paningin, at hindi nakikipagtulakan at nakikipagsiksikan kasama ang mga kalalakihan lalo na sa may bandang Hajaral Aswad o Rukun Yamaniy. At siya ay magsasagawa ng Tawaf sa may kalayuan dahil ang pakikipagsiksikan ay ipinagbawal sapagkat nagkakaroon ito ng fitnah. Ang paglapit sa Ka'bah at paghalik sa bato at isang Sunnah na gawain at para sa kanyang karapatan kapag ito ay magaan para sa kanya at hindi nararapat na gumawa ng isang bagay na ipinagbawal upang ipatupad lamang ang Sunnah.


9. Isasakatuparan ng kababaihan ang Tawaaf at ang Sa'ey (pagpunta sa bundok ng Safaa at Marwah) at pinagkasunduan ng mga pantas na walang pagtakbo ng mabagal para sa kanila sa pagtatawaaf at sa pagitan ng Safaa at Marwah at wala ding sa kanila ang Idhtibaa'(gawing hayag ang kanan balikat).

Al Mughni 3/ 334

10. Patungkol naman sa may buwan ng dalaw, lahat ng gawaing Hajj ay kanyang isasakatuparan mula sa Ihraam, pananatili sa Árafah, pagpapagabi sa Muzdalifah, pagpukol ng mga poste maliban sa pagtawaaf hanggang sa siya ay maging malinis. Sinabi ng Sugo (ﷺ) kay Áishah (kalugdan nawa siya ng Allah)..

Gawin mo ang anumang ginawa ng nagsasagawa ng Hajj maliban na lamang sa tawaaf hanggang sa ikaw ay maging malinis

Muttafaqun Álayhi




Gawin moa ng anumang ginawa ng nagsasagawa ng Hajj maliban na lamang sa tawaaf hanggang sa ikaw ay maging malinis


Muttafaqun Álayhi

Babala……

Kung sakaling ang babae ay nagsasagawa ng tawaaf at pagkatapos na magsagawa ng tawaaf dinatnan siya ng buwan ng dalaw, sa ganitong kalagayan siya ay magsasagawa ng Sa'iy dahil ang pagsasagawa ng Sa'iy ay hindi nangangailangan ng paglilinis.

Kitaabul Mu'minaat / Salih Al Fawzaan

# Pinapahintulutan




Muttafaqun álayhi

11. Pinapahintulutan sa mga kababaihan kasama ang mga mahihina na kanilang lisanin ang Muzdalifah pagkatapos na matabunan ang buwan at sila ay magbabato sa malaking poste sa kanilang pagdating sa Mina bilang pangamba sa kanila sa pagkakaroon ng umpukan ng tao.
12. Ang pagbawas ng buhok sa Hajj at Úmrah ay para lamang sa mga kababaihan na ang haba ay isang pulgada mula sa dulo ng kanilang buhok at ipinagbawal sa kanila ang pagpapahait..
13. Kapag ang babae ay nakatapos nang magbato sa malaking poste at nakapagpabawas na ng buhok siya ay maaari nang magsagawa ng unang tahallul at pinapahintulutan na sa kanya gawin ang anumang ipinagbabawal sa kalagayang Ihraam maliban na lamang ang kanyang asawa maliban na lamang pagkatapos ng tawaaf al ifaadhah ay saka pa lamang pinahintulutan sa kanya ang kanyang asawa. Kapag nakagawa sila ng pagtatalik o anumang katulad nito bago pa ang tawaaf al ifaadhah ay obligado sa kanya ang fidyah na kung saan ito ay ang pangangatay ng isang tupa sa loob ng Makkah at pagkatapos ito ay ipinamimigay sa mga mahihirap sa loob ng Haram..
14. Kapag ang babae ay nagkaroon ng buwan ng dalaw pagkatapos ng tawaaf al ifaadhah, maaari siyang maglakbay at wala na siyang pananagutan kapag hindi niya naisagawa ang tawaaf al widaa' kung sakaling siya ay may buwan ng dalaw hanggang sa kanyang pag-uwi sa kanyang lugar, alinsunod sa hadith ni Áishah (kalugdan nawa siya ng Allah) na kanyang sinabi..

    Dinatnan ng buwan ng dalaw si Safiyyah bint Huyay pagkatapos ng kanyang tawaaf al ifaadhah at pagkatapos ay ipinabatid ko ito sa Sugo ng Allah (سبحانه وتعالى) kaya't sinabi ng Sugo tayo ba ay pipigilan dahil lamang sa kanyang buwan ng dalaw?

    Sinabi ni Áishah, O Sugo ng Allah! Siya ay nakatapos na ng kanyang tawaaf at pagkatapos dumatal sa kanya ang buwan ng dalaw pagkatapos ng Ifaadhah. Sinabi ng Sugo(ﷺ): kung ganon maaari siyang makaalis (palabas ng Makkah)..

Muttafaqun álayhi

Mula kay Ibn Ábbaas (kalugdan nawa siya ng Allah) na inutusan ng Sugo(ﷺ) ang mga tao na ang kanilang magiging huling gawain ay ang tawaaf al widaa' maliban na lamang na ito ay pinagaan niya para sa mga babaeng may dalaw at mga may dugo.

Muttafaqun álayhi

# ALMADINAH ALNABAWIYYAH AT ANG PAMAMARAAN NG PAGDALAW SA MASJED ALNABAWIY



# Pamamaraan ng Pagdalaw sa Masjed Alnabawly

Ang Madinah ang lugar na tirahan ng Propeta (ﷺ)

Dito sa lugar na ito ang banal na Masjed Alnabawiy , at isa ito sa tatlong Masjed na ideneklara
Na magandang dalawin , ang sabi ng propeta (ﷺ): ang pagdalaw sa masjed ay para lamang sa
Tatlong masjed na

Almasjed Alharam

Wa Masjedey Haza

Wal Masjed Alaqsa

Ang pagdalaw sa masjed alnabawiy ay hindi kundisyon o obligado sa paghajj at wala itong
Koneksyon sa hajj , at hindi kailangan magsout ng ihram . gayun pa man isa itong sunnah na
Pwedi isagawa anumang oras boung taon , kaya pagka nakarating ang tao dito sa saudi
Arabia ay sunnah sa kanya na pumunta sa madinah sa masjed ng propeta (ﷺ) para makapag
Dasal din doon , dahil ang naisagawang dasal dito ay mas higit pa ang reward sa isanglibong
Dasal na isinagawa sa karaniwang masjed .

ANG DASAL SA MASJED NABAWIY AY KATUMBAS NG 1,000 NA DASAL

# Masjed Nabawiy

**Pagka dumating na ang nagdalaw sa Masjed Nabawiy :**

- iuna niya ang kanang paa sa pagpasok at bigkasin niya ang :
 Sa ngalan ng Allah , ang pagpapala at kapayapaan ay para sa sugo ng Allah
Nagpapakupkop ako sa dakilang Allah , sa kanyang kataas-taasan na anyo , sa kanyang
 Walang hanggang kapangyarihan , mula sa isinumpang satanas … O Allah buksan mo
 Sa akin ang mga pintuan ng iyong biyaya .
- At ganito rin ang binabasa sa pagpasok sa iba pang masjed.

Pagkatapos niyang makapasok sa Masjed Nabawiy :

- Magsalah kaagad siya ng dalawang raka'ah na tahiyyatal masjed , at sana sa Rawdha
( Pagitan ng libingan ng propeta (ﷺ) at kanyang mimbar) niya maisagawa ito pero kung
Walang lugar na kahit saan na sa loob ng Masjed Nabawiy , pagkatapos puntahan niya
Ang libingan ng propeta (ﷺ) at tumayo siya sa harapan nito at tuloy magsalam sa kanya
Ng boung pagpakumbaba at mahinang boses …

**AT MAGSASABI NG :**

ASSALAMO ALAYKA AYYUHAN NABIYO WARAHMATULLAHI WABARAKATOH
( At Magsalawat Sa Kanya )
Na kung babasahin mo ang : Allahumma aatihil washeelata walfadhilata wab'ashol
Maqamal mahmoudal laziy wa adtaho , Allahummaj zihi an ummatihi afdalal jazaa .
Ay mas mabuti .
Pagkatapos lumipat …
Nang kaunti sa kanan para makatayo sa harap ng libingan ni Abubakr Siddeq
( kalugdan nawa siya ni Allah ) … at magbigay sa

# Pamamaraan ng Pagdalaw sa Masjed Alnabawly

kanya ng salam at ipanalangin niya
Ito na kaawaan ng Allah , patawarin at mahalin .
Pagkatapos lumipat …
Naman nang kaunti sa kanan para makatayo sa harap ng libingan ni omar bin khattab
( kalugdan nawa siya ni Allah ) … at magbigay sa kanya ng salam at ipanalangin niya
Ito na kaawaan ng Allah , patawarin at mahalin .

**NOTE …**

Ang ibang dumadalaw sa Masjed Nabawey ay nakakagawa ng mga kamalian na kung minsan
Humahantong sa isang Bid’ah na wala na sa gawa ng mga sahaba ( kalugdan sila ni Allah ) .
At kasama sa mga maling ito ang …

- ✗ Ang panghihimas sa bintana ng kwarto at sa mga pader ng Masjed Nabawiy .
- ✗ Ang pagharap sa libingan sa akto ng panalangin .
- ✓ Ang tama ay ang humarap sa Qiblah sa akto ng panalangin .



# Ang Sunnah sa Pagdalaw

1 . Ang pagdalaw sa mga libingan sa Baqee na kinaroroonan ng karamihan sa libingan ng mga Sahabah kasama na diyan ang pangatlong khalifa na si Usman Bin Affan ( kalugdan nawa Siya ni Allah ) .

2 . Ang pagdalaw sa mga libingan ng mga shaheed sa Uhod kasama na doon ang pinuno ng Mga shaheed na si Hamza Bin Abdulmuttalib ( kalugdan nawa silang lahat ni Allah ) upang Batiin sila at ipanalangin sila tulad ng dalangin na itinuro ng Propeta ( sumakanya ang Pagpapala at kapayapaan ) sa kanyang mga kasamahan sa pagdalaw ng libingan :

> Assalamu alykum ahlal diyaar minal momineena walmuslimeena
> Wainnaa in shaa allah bikom lahikoon , nas'alollaha lana
> Walakumol aafiyah …

isinalaysay ni Muslim

3 . malinis siyang pumunta sa masjed Quba na unang masjed na itinayo sa islam para dumalaw

At magsalah doon , tulad ng ginawa ng Propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ) at Sinabi sa hadith ni Sahl Bin Khunaif (kalugdan nawa siya ni Allah ) … ang sinumang nag

Ablution sa kanyang bahay pagkatapos pumunta sa masjed Quba upang magsagawa doon Ng salah magkakaroon siya ng gantimpala na katulad ng Umrah . at nabanggit ni Bukhari at Muslim na mula kay ibn omar ( kalugdan siya ni Allah ) … na ang propeta ( sumakanya ang Pagpapala at kapayapaan ) dinadalaw niya ang masjed quba ng nakasakay at naglalakad para Magsalah doon ng dalawang raka'ah .

4 . at wala ng iba pang masjed o lugar sa Madinah na dapat pang dalawin o puntahan maliban Sa mga nabanggit kaya huwag ng pahirapan ng tao ang kanyang sarili , na mag ikot-ikot

Kung saan – saan ng wala namang nakalaan na gantimpala .

# Almadinah Alnabawiyyah



# MGA FATWA
## Sabi ng ALLAH :
## Magtanong kayo sa may alam Kung wala kayong nalalaman

فَسْـَٔلُوٓاْ أَهْلَ ٱلذِّكْرِ إِن كُنتُمْ لَا تَعْلَمُونَ

النحل: ٤٣



# MGA FATWA

Tanong :

Tanong : ang iba ay pinapayuhan ang mga parating na mga Hajji na sasakay ng eroplano na Sa jeddah na sila mag ihram , samantala ang iba naman ay hindi sang ayon dito kaya Ano ba ang tama sa usaping ito ?

Sagot :

Ino-obliga sa lahat ng hajji na dumaan sa himpapawid o karagatan o kalupaan na mag Ihram sila sa meeqaat na itinakda na madadaanan nila o matatapatan nila dahil sa Kasabihan ng propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ) tungkol sa meeqaat... ito'y para sa mga nakatira rito at sa mga dumadaan dito na hindi taga rito na gustong Maghajj o mag Umrah ... isinalaysay ni bukhari at muslim . Ang jeddah ay hindi yan meeqaat ng mga dumating diyan na lugar bagkus ito'y meeqaat Lamang ng mga taga jeddah at ng mga taong dumating sa jeddah na walang planong Maghajj o mag umrah pero ng nandyan na sa jeddah saka naghangad maghaj o mag Umrah . ifta ni shaykh Abdulaziz Bin Baz ( Kaawaan nawa siya ni Allah ) .

Tanong :

may isang taong dati ng nakapaghajj na naghangad maghajj ulit sa kanyang sarili pero Ng nasa arafa na siya gusto niyang baguhin ang kanyang niyah na ibigay na lamang ang Hajj niyang ito sa isang kamag anak , ano ba ang hukom dito ? pwedi ba sa kanya ito o Hindi ?

Sagot :

ang taong nag niyah maghajj para sa kanyang sarili at nakasuot na ng ihram ay hindi na Niya pweding baguhin pa ito maging sa daan pa siya o sa arafa na siya o alin mang lugar Bagkus obligado na maghajj siya para sa sarili niya at hindi niya pwedi ito ibigay sa tatay O nanay niya o sa sinuman dahil ang sabi ng Allah :

وَأَتِمُّوا۟ ٱلْحَجَّ وَٱلْعُمْرَةَ لِلَّهِ ۚ سورة البقرة الآية ١٩٦

( ***Ikumpleto ninyo ang hajj at umrah Para sa Allah***). Kaya pagaka siya ay nakapag ihram na para sa kanyang sarili ay obligadong ikumpleto Niya ito para sa kanyang sarili , at kung nakapag ihram naman siya para sa iba ay Obligadong ikumpleto niya ito para sa iba , kung siya ay dati ng nakapag hajj ...

ifta ni shaykh Abdulaziz Bin Baz ( Kaawaan nawa siya ni Allah ) .

Tanong :

namatay ang nanay ko noong maliit pa ako , paglaki ko kumuha ako ng taong Binayaran ko para maghajj para sa kanya . ganoon din ang tatay ko namatay din noon At wala akong alam tungkol sa kanila , pero may kwento ang ibang kamag anak namin Na nakapaghajj daw yun . pwedi bang magbayad ako ng taong maghahajj para sa Kanila ? o dapat bang ako mismo ang maghajj para sa kanila? at dapat bang hanapan Ko ng patunay kung nakapaghajj ang tatay ko o hindi na dapat ?

Sagot :

kung ikaw mismo ang magsisikap para makapaghajj para sa kanila sa tamang pamama-
Raan ay yun ang pinakamainam , na kung magbabayad ka ng taong relihiyoso at
Mapagkakatiwalaan na maghahajj para sa kanila ay pwedi . dahil maituturing yan na
Isa sa kabutihan mo at kagandahan ng asal mo sa mga magulang mo … nawa'y
Tanggapin tayo ng allah … Ifta ni Shaykh Abdulaziz Bin Baz ( kaawaan siya ni Allah ).

Tanong :

Isang babae na naghajj ng faredha at kanyang ginampanan ang lahat ng gawain sa
Paghajj maliban sa pagbato ng jamarat dahil kumuha siya ng taong nagbato para sa
Kanya dahil may anak siyang maliit . ano ba ang hukom dito ?

Sagot :

walang problema diyan at pwedi na iyong pagbato para sa kanya nung tao na pinag Katiwalaan niya dahil ang siksikan sa oras ng pagbato ng jamarat ay delikado talaga sa
Mga kababaihan lalong lalo na sa babaing may anak
na maliit …. Ifta ni shaykh
Abdulaziz Bin Baz ( Kaawaan nawa siya ni Allah ) .

# MGA FATWA

Tanong : pwedi bang ihabilin ng isang tao sa ibang tao na gawan niya ito ng hajj , samantala Itong taong ito na naghabilin ay buhay pa rin ?

Sagot : kung ang naghabilin ng paghajj odi kaya'y nagpa proxy ay walang kakayahan maghajj Dahil matanda na o nagkasakit ng karamdaman na wala ng pag asang gumaling pa ay Pwedi sa kanya ang ganun dahil sa naisalaysay ni propeta ( sumakanya ang pagpapala At kapayapaan ) na sinabihan niya yung taong sumangguni sa kanya na ang tatay niya Ay walang kakayahan maghajj at hindi na nakakasakay : ipaghajj mo ang tatay mo at Ipag umrah mo siya. at sinabihan din niya yung babaing khas'amiya na nagsabi sa Kanya ng : oh sugo ng Allah ang tatay ko ay inabutan ng pagka fardho ng hajj pero Wala siyang kakayahan maghajj ? maghajj ka para sa tatay mo …
Ifta ni shaykh Abdulaziz Bin Baz ( kaawaan siya ni Allah ) .

Tanong : kung namatay ang tao na walang iniwan na habilin sa ibang tao na gawan siya ng hajj Tapos ginawan siya ng kanyang anak ng hajj para sa kanya . ano matatanggal na ba Nito ang fardhong hajj sa kanya noong buhay pa siya ?

Sagot : Sagot : kung ipinaghajj siya ng anak niyang muslim na nakapaghajj na dati para sa sarili niya Ay matatanggal na yung fardho na hajj sa kanya , ganun din kung ipinaghajj siya ng ng hindi niya anak na nakapahajj na dati sa sarili nila dahil naisalaysay sa sahih bukhari at muslim na galing kay ibn abbas ( kalugdan nawa siya ni Allah ) na may isang babae na nagsabi : oh sugo ng Allah ang aking ama ay naabutan ng pagka fardho ng hajj kaya lang napakatanda na niya , hindi na niya kayang maghajj at hindi na rin kayang sumakay ng hayop . kaya pwedi ko ba siyang ipaghajj ? ang sagot ng propeta ( sumakanya ang pag papala at kapayapaan ) oo maghajj ka para sa tatay mo …
Ifta ni shaykh Abduaziz Bin Baz ( kaawaan nawa siya ni Allah ) .

Tanong : pwedi bang iuna ng Hajji ang sa'ey ng hajj bago siya magtawaf ifadha ?

Sagot : kung ang hajji ay Mufrid o Qarin ay pwedi sa kanya ang iuna ang sa'ey ng hajj bago ang
Tawaf Ifadha pero gawin niya ito pagkatapos ng Tawaf Qudom gaya ng ginawa ngPropeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ) at ng kanyang mga Sahaba na Nagdala-dala ng Had'ey . pero kung ang Hajji ay Mutamatti dalawang sa'ey ang Obligado niyang isagawa :
Una – sa pagdating niya sa makkah at yun ang sa'ey ng umrah .
Ikalawa – ang sa'ey ng hajj at ang pinakamainam ay gawin niya ito pagkatapos ng Tawaf Ifadha dahil ang sa'ey ay susunod sa tawaf , pero kung iuna niya ang sa'ey ay wala ring Problema ayon sa pananaw ng mga ulama dahil ang propeta ( sumakanya pagpapala at kapayapaan) sinabihan niya ang nagtanong sa kanya ng : nagsa'ey ako bago nagtawaf ?
sagot ng propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ): walang problema .
Limang uring ritual ng hajj ang isasagawa ng Hajii ng sunod-sunod sa araw ng Eid :
1 . pagbato ng jamratul aqaba .
2 . pagkatay .
3 . pag tanggal ng buhok o pag gupit ng buhok .
4 . pagtawaf ifadha sa tahanan ng Allah .
5 . pagsa'ey sa pagitan ng safa at marwa .
Maliban kung Mufrid o Muqrin na tapos na magsa'ey kasama ng Tawaf Qudom , Pinakamainam kung ganito ang pagkaka arrange , na kung nagkabaliktad sa pagkaArrange ay wala ring problema lalong lalo na kung dahil sa dikta ng pagkakataon dahil Sa awa ni Allah ang gusto niya sa atin ay yung magaan sa atin …
Ifta ni Shaykh Mohammad Bin Uthaimin ( Kaawaan nawa siya ni Allah ) .

# MGA FATWA

**Tanong :** anong hukom sa taong pumunta sa makkah para mag umrah para sa kanyang sarili Pagkatapos nito ay pumunta naman sa ( tan'eem) at ipinag Umrah naman niya ang Kanyang magulang ? tama ba ang ganitong umrah odi kaya'y dapat bang doon siya Mag ihram sa tunay na meeqaat ?

**Sagot :** kung nag umrah ka para sa sarili mo at natapos ka na , tapos gusto mo naman mag Umrah para sa magulang mo na patay na o walang kakayahan mag umrah ay lumabas Ka sa boundary ng haram gaya ng tan'eem at mag ihram ka doon . hindi obligado saiyo Na pumunta pa sa meeqaat … Ifta ng lugnatu daimah lilbuhosil elmiyah walifta .

**Tanong :** pwedi bang bigkasin ng bibig ang niyah ng ihram ?

**Sagot :** hindi pwedi sa muslim na bigkasin niya ang kanyang niyah sa ano mang gagawin niya Maliban lamang sa pagsosout ng ihram dahil itoy naisalaysay mula sa propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ) . Kaya sa salah at tawaf ay dapat hindi Binibigkas dito ang niyah dahil ang pagbigkas nito ay maituturing na bid'ah na ibinago Sa islam at ang hayagan na pagparinig nito ay lubhang kasalanan dahil kung nagkataon Na pwedi ito ay ipapaliwanag na ni propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan) Sa Ummah na ito sa pamamagitan ng kanyang gawa at salita at ang unang gagawa rito Ay ang mga sinaunang salafus salih , kaya nang dahil sa wala ni isang naisalaysay na Ganito mula sa propeta at mula sa mga sahaba ( kalugdan nawa sila ni Allah ) tungkol Dito lumalabas na ito'y bid'ah talaga .

ang sabi ng propeta (sumakanya ang pagpapala at kapayapaan :

> ang pinakamasama sa lahat ng bagay ay yung mga ibinago at ang lahat ng bid'ah ay naligaw …

isinalaysay ni muslim .

> at sabi ng propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan): sinuman ang bumago sa relihiyon naming ito ng wala dito ay inbalido …

isinalaysay ni bukhari at muslim .

At ayon kay muslim :

> sinuman ang gumawa ng hindi namin ipinag utos ay inbalido .
> ifta Ni shaykh Abdulaziz Bin Baz ( kaawaan nawa siya ni Allah ) .

Tanong : pwedi bang isahin lang ang Tawaf Ifadha at Tawaf Widaa sa sitwasyon ng pag Dali-daling paglabas ng makkah at pag uwi sa bayan ?

Sagot : walang problema sa ganyan , sa taong nadelay ang kanyang pag tawaf ifadha na Gusto ng maglakbay pauwi , mangyari magbato siya ng jamarat pagkatapos ay mag Tawaf ifadha siya dala tawaf widaa na sa kanyang niyah ay pwedi . pero kung isa isa Niyang gagawin ang tawaf ifadha pagkatapos mag tawaf widaa na naman siya ay mas Mainam sa kanya at dagdag na kabutihan para sa kanya …

Ifta ni shaykh Abduaziz Bin Baz ( kaawaan siya ni Allah ) .

Tanong : Ako ay taga jeddah o nakatira sa jeddah at naghajj ako ng pitong beses pero kahit Minsan hindi ako nakapag tawaf ng widaa dahil ang sabi ng mga tao ang mga Nakatira sa jeddah ay hindi na kailangan magtawaf ng widaa . kaya paano na ang hajj Ko tama ba o mali ?

Sagot : obligado sa mga taga jeddah at mga katulad nila na hindi sila aalis sa paghajj nila Hanggang di sila makatawaf widaa tulad ng mga taga taif at katulad nila dahil saklaw sila ng kasabihan ng propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ) noong kausap niya ang mga hajji :

> walang uuwi sa inyo maliban kung nakapag tawaf widaa na sa tahanan ng Allah .

at nabanggit sa bukhari at muslim mula kay ibn abbas

( kalugdan nawa siya ng Allah ) sabi niya : inutusan niya ang mga tao na ang huli nilang gagawin ay ang pagtawaf sa tahanan ng Allah , pero pinagaan niya ito sa mga nagka regla at sa mga naiwan dahil sa had'ey , na kamelyo o baka o isang ulo ng kambing na native o

karnero na kakatayin sa makkah na ipamumudmud sa mga mahihirap sa makkah kasama ang taimtim na pagtawbah at paghiling ng kapatawaran at pagpursige na hinding hindi na babalikan ang mga ito … ifta ni shaykh Abdulaziz Bin Baz (ksnA) .

# MGA FATWA

**Tanong :** may taong nagtatawaf sa tahanan ng Allah , at sa kasagsagan ng ikalima na niyang Tawaf nag qamat na ng salah , kaya huminto siya at nagsalah siya , at pagkatapos Ipinagpatuloy niya ang pagtawaf . ang tanong dito valid ba yung ikalimang tawaf niyaNa naputol dahil sa pagsalah o invalido ? o kailangan magsimula ulit sa hajar aswad Para sa ikalimang tawaf ?

**Sagot :** ang tama dito ay hindi invalido ang ikalima niyang tawaf sa ganitong sitwasyon , kaya Ikumpleto niya ang tawaf niyang ikalima na naudlot dahil sa pagsabay niya sa salah ng Imam … Ifta ng lugnatu daimah lil buhosil elmiyati wal ifta .

**Tanong :** kami ay nakatira sa australia at may malaking grupo ng mga muslim dito na gustongIsagawa ang fardho na hajj , at sa paklalakbay namin mula sydney tatlo ang maaring Datnan namin na pier o airport , ito ay ang Jeddah , Abu dhabi , at Baharain . kaya Saan meeqaat kami mag e-ihram ? mag e-ihram ba kami sa sydney o kahit saan na ?

**Sagot :** ang Sydney , Abu dhabi , at Bahrain ay hindi yan mga meeqaat sa paghajj at umrah At ang Jeddah ay hindi yan meeqaat sa katulad ninyo kundi meeqaat lang yan ng taga Jeddah , ang obligado sa inyo ay mag ihram kayo sa unang meeqaat na madaanan Ninyo o matapatan ninyo kung nakasakay kayo ng eroplano papuntang makkah dahil Ng itakda ng propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ) ang mga meeqaat Nagsabi siya ng :

ito'y para sa kanila at sa sinumang dadaan sa kanila na taga ibang Lugar na gustong maghajj o mag umrah … at pwedi ninyong tanungin ang stewardess Ng eroplano bago kayo matapat sa mga lugar na yan , pero kung naniguro kayo at kayo Ay nag ihram na at nag niyah na bago pa man matapat doon ay pwedi , tungkol Paghahanda sa pag ihram gaya ng paglinis at paliligo o pagsout ng ihram ay pewdi yan Gawin kahit saan lugar … ifta ng lugnatu daimah lil buhosil elmiyah wal ifta .

**Tanong :** anong hukom sa naghajj ng Qiran ( hajj at umrah ) na hindi nakapagkatay ng kambing Hindi rin nagpakain at hindi rin nag ayuno samantala natapos na ang hajj at nilisan na Niya ang makkah at malayo na sa ka'aba at sa mga pagdarausan ng hajj ?

**Sagot :** obligado sa kanya na magkatay ng kambing para sa hajj niya na Qiran dito sa makkah Sa kanyang sarili mismo odi kaya'y ipagkatiwala niya sa iba na mapagkakatiwalaan na Na tao at ipamudmud niya sa mga mahihirap , pwedi siyang kumain dito at ipamigay Ang iba . pero kung walang kakayahan sa pagkatay ay mag ayuno ng sampung araw . Ifta ng lugnatu daimah lil buhosil elmiyati wal ifta .

**Tanong :** kung nakumpleto ng naghajj ang lahat ng Arkaan at Wajibaat ng hajj maliban lang Sa Tawaf Ifadha at Tawaf Widaa . na ang Tawaf Ifadha ay kanyang idinelay sa Ikalawang araw ng Ayyamu Tasreeq saka siya nagtawaf ifadha at hindi na nagtawaf Widaa dahil sa paniniwala niya na tama na yun samantala hindi siya taga makkah Kundi taga ibang siyudad ng saudi arabia . anong dapat sa kanya ?

**Sagot :** kung talagang ganoon nga ang nangyari , tulad ng nabanggit niya , na sa paglisan Niya ng makkah nagtawaf ifadha siya ay pwadi na siyang hindi na magtawaf widaa Dahil sapat na sa kanya yung kangyang ginawang tawaf ifadha , pero kailangan Siguruhin niya na tapos na siya magbato ng jamarat . Ifta ng lugnatu daimah lil buhosil elmiyah wal ifta .

# MGA FATWA

**Tanong :** naghajj ako ng ifraad at ginawa ko ang pagtawaf at pagsa'ey ng wala pa ang uquf Sa Arafa . ano bang dapat sa akin obligado pa bang magsa'ey ako pagkatapos ko Magtawaf ifadha ?

**Sagot :** ang naghajj ng ifraad odi kaya'y Qiran , pagka nakarating sila sa makkah at nagtawaf Sila at nagsa'ey , pagkatapos nanatili sila sa kanilang ihram dahil Mufrid sila o Qarin Ay sapat na sa kanila ang sa'ey nilang yun , hindi na sila magsa'ey ulit kundi magtawaf Ifadha na lang sa araw ng Eid o pagkatapos ng araw ng Eid kung nanatili sila sa kanilang Ihram hanggang araw ng Nahr odi kaya'y may dala dala silang had'ey dahil sapat na sa Kanila yung una nilang sa'ey basta sila ay Mufrid o Qarin . Ang obligado lamang mag Sa'ey ng ikalawang sa'ey ay ang Mutamatti na nag ihram para sa umrah at nagtawaf , At nagsa'ey tapos nagtanggal ng ihram , at pagdating ng ikawalo ng zulhijjah nag ihram Na naman para sa hajj dahil sa ganito obligado siyang magsa'ey ng para sa hajj na iba

Doon sa nauna niyang sa'ey na para sa umrah .

Ifta ng lujnatu daimah lil buhosil elmiyah wal ifta .

**Tanong :** Anong hukom sa taong pumunta ng makkah na walang niyah na hajj o umrah ?

**Sagot :** ang pumunta ng makkah na walang planong hajj o umrah gaya ng negosyante , Empleyado , post man , driver , at iba pa na nagtatrabaho ay hindi sila ino-obliga Ng ihram except lang kung sila ang gusto ng ganun , dahil sa nabanggit na hadith Na sinabi ng propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ) sa pagbanggit Niya sa mga meeqaat : ito'y para sa kanila at sa sinumang dadaan sa kanila na taga Ibang lugar na gustong maghajj o mag umrah …

Malinaw dito na ang walang planong hajj o umrah ay hindi ino-obliga ng ihram …

Kitabu tahqeq wal eidhah li shaykh Abdulaziz Bin baz ( kaawaa siya ni Allah ) .

Tanong : anong dapat gawin ng Mutamatti at Qarin na walang kakayahan maghad’ey ?

Sagot : kung walang kakayahan ang Mutamatti at Qarin maghad’ey obligado silang mag Ayuno ng 3 araw sa Hajj at 7 araw sa pag uwi nila sa kanilang bayan , siya na ang Bahala sa 3 araw na yan , pwedi before araw ng nahr , pwedi rin sa Ayyamo tasreeq Sabi ng Allah :

وَأَتِمُّوا۟ ٱلْحَجَّ وَٱلْعُمْرَةَ لِلَّهِ ۚ فَإِنْ أُحْصِرْتُمْ فَمَا ٱسْتَيْسَرَ مِنَ ٱلْهَدْىِ ۖ وَلَا تَحْلِقُوا۟ رُءُوسَكُمْ حَتَّىٰ يَبْلُغَ ٱلْهَدْىُ مَحِلَّهُۥ ۚ
فَمَن كَانَ مِنكُم مَّرِيضًا أَوْ بِهِۦٓ أَذًى مِّن رَّأْسِهِۦ فَفِدْيَةٌ مِّن صِيَامٍ أَوْ صَدَقَةٍ أَوْ نُسُكٍ ۚ فَإِذَآ أَمِنتُمْ فَمَن تَمَتَّعَ
بِٱلْعُمْرَةِ إِلَى ٱلْحَجِّ فَمَا ٱسْتَيْسَرَ مِنَ ٱلْهَدْىِ ۚ فَمَن لَّمْ يَجِدْ فَصِيَامُ ثَلَٰثَةِ أَيَّامٍ فِى ٱلْحَجِّ وَسَبْعَةٍ إِذَا رَجَعْتُمْ ۗ تِلْكَ عَشَرَةٌ
كَامِلَةٌ ۗ ذَٰلِكَ لِمَن لَّمْ يَكُنْ أَهْلُهُۥ حَاضِرِى ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿١٩٦﴾

At kung sakaling nasa ligtas na kalagayan ang sinuman at nasa hustong Kalusugan pagkatapos ay nais na gawin ng sinuman sa inyo ang umrah sa buwan ng Hajj at nais na rin niyang isagawa ang hajj maari niyang piliin ang hajj tamattu , subalit Kinakailangan nga lamang niyang mag alay ng had’ey , at kung sakali namang hindi Niya ito makakayanan , maari siyang mag ayuno ng tatlong araw sa buwan ng hajj At pitong araw kapag siya.y nakabalk na sa kanyang pamilya na ang kabuuan ng lahat Ay sampung araw … albaqarah .

At nabanggit sa sahih bukhari mula kay ayesah at ibn omr ( kalugdan nawa sila ni Allah ) sabi nila :

> hindi pinayagan ang pag ayuno sa ayyamu tasreeq maliban sa sinuman Na walang nakitang mai-ialay ,

kaya lang ang pinaka mainam ay mag una mag ayuno Ng 3 days Before ng uquf sa arafa para pagka arafa na ay hindi siya nag aayuno dahil ang propeta ( sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ) ng siya ay nag uquf hindi siya naka ayuno at kanyang ipinag bawal ang pag ayuno sa arafa sa araw ng arafa sa lugar ng arafa . at pweding sunod sunod ang pag aayuno sa tatlong araw na yan at pwedi rin paghiwa-hiwalayin , ganun din ang nabanggit na pitong araw hindi obligado na isunod-sunod . dahil ng banggitin ito ng Allah ay walang nabanggit na kundisyon , sabi ng Allah : at pitong araw pagka nakauwi na kayo … albaqara . at para

وَسَبْعَةٍ إِذَا رَجَعْتُمْ

sa walang kakayahan mas mainam na mag ayuno na lang kaysa manghingi sa iba ng pang alay na had’ey … kitab tahqeq wal idhah li shayk Abdulaziz Bin Baz .

# MGA FATWA

**Tanong :** Anong hukom sa taong dumating sa meeqaat sa hindi buwan ng hajj ?

**Sagot :** Ang taong dumating sa meeqaat dalawa ang kanyang sitwasyon : Una – dumating siya sa meeqaat sa hindi buwan ng hajj gaya ng ramadan o shaban , At ang sunnah sa kanya ay mag ihram siya para sa umrah at magniyah sa kanyang Puso at bigkasin niya ang " labbaika umrah " at magtalbiyah siya hanggang sa Pagdating niya sa ka'aba at magtawaf siya ng pitong beses , magsalah ng sunnah Sa likod ng maqamo ibrahim , pumunta siya sa safa at marwa at magsagawa ng Sa'ey pitong beses , at magpagupit ng buhok , at diyan natapos ang kanyangUmrah kaya pwedi na sa kanya ang lahat ng bawal sa ihram . Ikalawa – dumating siya sa meeqaat sa buwan ng hajj na shawwal , zulqa'dah , at Sa unang 10 araw ng zulhijjah ... ang taong ganito ay pwedi siya mamili sa tatlo :

Hajj lang , umrah lang , pagsamahin ang dalawa , dahil ang propeta ( sumakanya Ang pagpapala at kapayapaan ) nang dumating siya sa meeqaat sa buwan ng Zulqa'dah sa huling hajj niya , pinapili niya ang mga sahaba sa tatlong uri ng hajj

Na ito , pero sunnah rin sa taong ganyan na hindi nakapagdala ng had'ey na mag Ihram siya para sa umrah at kanyang isagawa ang unang nabanggit na sitwasyon

Ng taong Dumating sa meeqaat sa hindi buwan ng hajj , dahil ang propeta (suma Kanya ang pagpapala at kapayapaan ) ng malapit na sila sa makkah inutusan niya Ang mga sahaba na gawin nila ang kanilang pagsout ng ihram na para sa umrah ,

At parang iginiit niya ito sa kanila . Kitab tahqeq wal idhah li Shaykh Abdulaziz Bin Baz (kaawaan siya ni Allah ) .

**Tanong :** ang nanay ko ay matanda na , gusto niyang maghajj kaso wala siyang mahram Maliban sa mahram na nanghihingi naman ng malaking halaga . ano ba ang hukom Sa kanya sa ganitong sitwasyon niya ?

**Sagot :** hindi obligado sa kanya ang paghajj , dahil ang babae ay hindi pwedi maghajj ng Walang mahram maging bata pa siya o matanda na , pero kung may mahram ay Walang problema Maghajj siya , na kung namatay siya na hindi na nakapaghajj ay Ipaghajj siya ng iba na kukunin sa kanyang pera , na kung may mag volunter maghajj Para sa kanya na hindi na kukunin sa kanyang pera na mas maganda . Ifta ni Shaykh Abdulaziz Bin Baz ( kaawaan nawa siya ni Allah ).

**Tanong :** kailan ba pwedi ipagkatiwala sa iba ang pagbato ng jamarat ? meron bang mga araw Na di pwedi ipagkatiwala sa iba ang pagbato ng jamarat ?

**Sagot :** pwedi ipagkatiwala sa iba ang pagbato sa mga jamarat ng taong may karamdaman Na hindi niya kakayanin ang pagbato , at nang buntis na nangangamba para sa kanyang sarili , at nang nagpapasuso ng bata na walang makakapag alaga , at ng matanda na lalaki man o babae , o sinumang kagaya nila na hindi na kakayanin ang pagbato , gayun din ang guardian ng bata lalaki man o babae siya ang magbato para sa kanila . at ang pinagkatiwalaan ay magbato siya una para sa sarili niya bago ang para sa ipinagkatiwala sa kanya sa kinatatayuan niya maliban lang kung sunnah ang kanyang hajj ay pwedi ring mauna yung ipinagkatiwala sa kanya , pero hindi pweding pagkatiwalaan ang hindi naghajj sa kasalukuyan , ganun din ang hindi pa nakapaghajj kahit minsan at ang gaya nito ay kahit ibato pa nila ang sinumang nagkatiwala sa kanila ay inbalido rin … ifta ni Shaykh Abdulaziz Bin Baz ( kaawaan nawa siya ni Allah ) .

# MGA FATWA

Tanong :

Tanong : pwedi ba sa babae na gumamit ng gamot or tabletas na magpipigil sa buwanang Dalaw or magpadelay dito sa panahon ng hajj ?

Sagot :

Sagot : pwedi sa babae na gumamit ng ganyan sa panahon ng hajj para maiwasan niya ang Buwanang dalaw , kaya lang dapat magkunsulta siya sa isang ekspertong doktor Alang-alang sa kanyang kalusugan . at ganyan din sa ramadan pwedi sa babae na Gumamit nito kung gusto niyang makapag ayuno ng tuloy-tuloy na .

Ifta ni Shaykh Abdulaziz Bin Baz ( kaawaan siya ni Allah ) .

Tanong :


Tanong : noong mag umrah ako ay nakasout ako ng niqab dahil hindi ko alam na hindi pala Pwedi ang ganun , na anong gagawin ko para mapunan ang ganitong kamalian ?

Sagot :

Sagot : ang pag niqab ay kasama sa bawal sa ihram , kaya ang obligado sa babaing nagka Ganito ay magfidya o mag alay siya ng kambing o magpakain ng 60 na mahihirap O mag ayuno ng 3 araw pero sa kundisyon na alam niya at natatandaan niya na Bawal ito , kaya yung nakagawa nito na hindi niya alam na bawal ito odi kaya'y Nagawa niya ito dahil sa nakalimutan niya na bawal pala ito ay wala siyang fidya , Ang fidya ay doon lamang sa nakagawa nito ng sinasadya . Ifta ni Shaykh Abdulaziz Bin Baz (kaawaan nawa siya ni Allah ) .

# DUA

## Sabi ni Allah (سبحانه وتعالى) :



وَقَالَ رَبُّكُمُ ٱدۡعُونِيٓ أَسۡتَجِبۡ لَكُمۡۚ

**At sinabi ng Allah (سبحانه وتعالى) na in-yong rabb , o kayong mga Alipin manalangin kayo sa akin at tutugunin ko kayo) ghafir 6o**

## MGA TUNTUNIN NG MAGANDANG ASAL SA PANALANGIN

Naisalaysay mula sa Propeta (ﷺ) na sinabi niya : ang pinakamagandang Dua ay ang Dua sa Arafa , at ang pinakamagandang nasabi ko at ng mga propeta na nauna sa akin ay ang Laa Ilaaha illallah wahdaho laa sharika lah lahul mulko wa lahul hamdu yuhyee wa yumeetu Wa huwa alaa kulli shaen qadeer .

At naisalaysay pa rin na sinabi ng propeta (ﷺ) : ( ang pinaka gusto ni Allah (سبحانه وتعالى) na kataga ay Apat : Subhanallah , walhamdulillah , wa laa ilaaha illallah , wallaho akbar ) .

Kaya dapat paramihin ang pagbigkas dito at e-repeat palagi kasama ang pagpakumbaba at presensya ng puso … paramihin din ang pagbigkas sa iba pang Azkar at mga Dua na nabanggit sa mga kitab lalong lalo na sa ganitong lugar , at ganitong banal na araw at piliin ang mga pangkalahatan na mga Azkar at mga Dua .

- Subhanallahi wa bihamdihi subhanallahil adhem .
- Laa ilaaha illa anta subhanaka inniy kunto minad dhalimeen , laa ilaaha illallah , walaa Na’budo illa iyyahu lahun ni’mah wa lahul fadlo walahu thanaul hasan .
- Laa ilaaha illallah muhliseena lahud deena walaw karihal kaafiroon .
- Laa hawla walaa Quwwata illa billah .
- Rabbana atinaa fid dunya hasanatan wafil akhirati hasanatan waqinaa azaban naar .

Sabi ng Allah (سبحانه وتعالى) : ( At nagsabi ang inyong RABB , o mga alipin ko manalangin kayo sa akin At tutugunin ko kayo , katiyakan yaong mga nagmataas na di sumasamba sa akin ay Mapapasok sila sa empyerno na hamak at kaaba-aba) Ghafir 60 .

وَقَالَ رَبُّكُمُ ادْعُونِي أَسْتَجِبْ لَكُمْ ۚ إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ ﴿٦٠﴾

Sinabi ng propeta (ﷺ) : ( ang inyong diyos ay buhay na mahabagin na ikinahihiya niya na langat ng kanyang alipin ang kanyang kamay na walang makukuha ) At sinabi pa rin ng Propeta (ﷺ) : ( pagka nagdua ang muslim ng dua na hindi masama at Hindi laban sa kamag anak ay tutugunin siya ng Allah (سبحانه وتعالى) sa tatlong paraan : una- ibbigay Kaagad ng Allah (سبحانه وتعالى) ang kanyang hiniling , pangalawa- idedeposito ng Allah (سبحانه وتعالى) para sa kanya Sa kabilang buhay ang kanyang hiniling , pangatlo- may mga masamang nakatakdang Mangyayari sa kanya pero dahil sa kanyang dua hindi na yun matutuloy . sumagot ang Mga sahaba na nakarinig ng : na kung ganun pararamihin namin ang pagdua , sabi ng Propeta (ﷺ) : paramihin ninyo !!!) .

## MGA TUNTUNIN NG MAGANDANG ASAL SA PANALANGIN

- Ang katapatan sa Allah (سبحانه وتعالى) .
- Ang pagpuri at pasasalamat sa Allah (سبحانه وتعالى) , at ang ihingi sa Allah (سبحانه وتعالى) na pagpalain si propeta (صلى الله عليه وسلم) Saka mag DUA , pagkatapos gawin na kung paano sinimulan ang DUA ay ganun din Tatapusin .
- Ang pag agresibo sa pag DUA , at pagtitiwala na tutugunin ni Allah .
- Ang pag gigiit sa pag DUA , at ang di pang aapura .
- Ang pag presensya ng puso sa pag DUA .
- Ang pag DUA sa panahon ng hirap at ginhawa .
- Si Allah (سبحانه وتعالى) lamang ang bukod tanging hihingan ng pangangailangan.
- Huwag ipag DUA ng masama ang pamilya , kayamanan , anak , at ang sarili .
- Hinayan ang boses at ilagay sa katam-taman .
- Aminin ang mga kasalanan at humingi ng kapatawaran sa pagkagawa rito , at aminin Ang mga nakamit na biyaya mula sa Allah (سبحانه وتعالى) at magpasalamat dito .
- Huwag magpalabis sa pag DUA .
- ibuhos ang atensyon sa pag DUA , magpakumbaba , ihayag ang gusto , at iparamdam Ang takot .
- isauli ang mga kinuhang pagmamay ari ng iba at humingi ng kapatawaran .
- sabihin ng tatlong beses ang hinihiling .
- humarap sa Qiblah .
- itaas ang mga kamay .
- mag wudo bago mag DUA kung may lugar .
- ipakita ang kagandahan ng asal sa harap ng Allah (سبحانه وتعالى) sa pag DUA .

Sabi ng propeta (صلى الله عليه وسلم) :

**«Ang panalangin ay ang dasal .»**

## MGA TUNTUNIN NG MAGANDANG ASAL SA PANALANGIN

- manalangin para sa sarili bago sa iba , gaya ng : o Allah patawarin mo ako at si (kuwan).
- humingi sa Allah sa pamamagitan ng kanyang mga pangalan , mga katangian , at mga Nagawang mabuti o sa pamamagitan ng Dua ng mabuting tao na buhay na nandyan .
- gawin na halal lamang ang kakainin , iinumin , at isusout .
- huwag humingi ng masama o makakaapekto sa relasyon sa kamag anak .
- Ang nag DUA ay masigasig sa pagsugo ng mabuti at sa pagbawal ng masama .

### MGA ORAS NA TINUTUGON DITO ANG PANALANGIN :

- Sa malalim na ang gabi .
- Pagkatapos ng Salah .
- Sa pagitan ng Azan at Iqamah .
- Sa ⅓ gabi .
- Sa oras ng pagtawag ng Azan sa mga dasal na fardho .
- Sa oras ng pagpatak ng ulan .
- Sa huling oras ng araw ng Jum'ah .
- Sa pag inom ng tubig Zamzam kasama ang tapat na niyah .
- Sa aktong nakasujod ang nagsasalah

# MGA TUNTUNIN NG MAGANDANG ASAL SA PANALANGIN

- Ang pag DUA ng Muslim sa kapatid niyang Muslim .
- Ang DUA sa Arafa .
- Ang DUA sa pagtitipon sa pag alaala sa Allah (سبحانه وتعالى) .
- Ang DUA ng magulang sa anak o DUA ng anak sa magulang .
- Ang DUA ng Musafir ( Traveler ).
- Ang DUA ng ulirang anak sa kanyang mga magulang .
- Ang DUA na itinuro ng Propeta (صلى الله عليه وسلم) pagkatapos mag wudo .
- Ang DUA pagkatapos magbato ng jamarat na maliit .
- Ang DUA pagkatapos magbato ng jamarat sa gitna .
- Ang DUA sa loob ng Ka'aba . at ang hijr ay consider na nasa loob ng Ka'aba .
- Ang DUA sa Safa .
- Ang DUA sa Marwa .
- Ang DUA sa Muzdalifa .

At ang Muslim ay dapat laging nanalangin sa Allah ( سبحانه وتعالى ) saan mang lugar o panahon

Ang sabi ng Allah (سبحانه وتعالى) :

وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِى عَنِّى فَإِنِّى قَرِيبٌ ۖ أُجِيبُ دَعْوَةَ ٱلدَّاعِ إِذَا دَعَانِ ۖ
فَلْيَسْتَجِيبُوا۟ لِى وَلْيُؤْمِنُوا۟ بِى لَعَلَّهُمْ يَرْشُدُونَ ﴿١٨٦﴾ سورة البقرة

( kapag nagtanong sa'yo ang mga alipin ko tungkol sa akin ay sabihin Mo na ako ay napakalapit sa kanila , tutugunin ko ang dalangin ng naghihingi sa akin kapag Siya ay naghihingi , dapat lamang na tumugon sila sa akin at maniwala sila para bigyan ko Sila ng gabay ) .

Kaya ang mga oras na ito at lugar ay dapat bigyan ng ibayong pangangalaga !!!

## MGA DUA NA BAGAY GAMITIN

Sa Arafa , sa Muzdalifa , at sa iba pang mga lugar na panalanginan

**O Allah**

pagkalooban mo ng kalusugan ang aking katawan , pagkalooban mo ng kagalingan ang aking pandinig at paningin , walang tunay na diyos kundi ikaw lamang . o allah humihingi ako ng iyong kanlungan mula sa pagkasuwail , pagka pobre , at mula sa parusa sa libingan , walang tunay na diyos kundi ikaw lamang .

**O Allah**

ikaw ang aking panginoon , walang tunay na diyos kundi ikaw lamang , ako ay iyong nilikha , ako ay iyong alipin , sinisikap kong tuparin ang aking kasunduan sa iyo , hanggang sa aking makakaya , naghahanap ako ng kublihan sa iyo mula sa aking masasamang gawa , tinatanggap ko ang iyong mga tulong sa akin , at inaamin ko ang aking mga pagkakasala patawarin mo ang aking mga kasalanan sapagkat wala ng ibang maaring magpatawad maliban sa iyo .

**O Allah**

naghahangad ako ng kanlungan sa iyo mula sa mga alalahanin at kalungkutan , naghahanap ako ng kanlungan sa iyo mula sa aking kahinaan at katamaran , mula sa aking

karamutan at kaduwagan , at mula sa aking paraming utang at pag aalipusta ng mga tao . O Allah gawin mo na mabuti ang simula ng araw na ito , ang kalagitnaan ay maunlad , ang hulihan ay matagumpay , pagkalooban mo ako ng kabutihan sa mundong ito at sa kabilang buhay , ikaw ang pinakamaawin sa lahat .

**O Allah**

hinihingi ko sa iyo na gawin mo akong masaya sa kung ano ang inihatol mo sa akin para sa aking pagbabalik sa matiwasay na buhay pagkatapos ng kamatayan , at masigasig kong hinahangad ang kagalakan ng iyong maluwalhating anyo at ng pananabik na makatagpo ko ng walang pagkabahala o dalamhati o nakaliligaw na pagsubok , naghahangad ako ng kanlungan sa iyo mula sa pang aapi o pagiging api , mula sa pandarambong o pagiging mandarambong , mula sa paggawa ng masama o pagdanas ng kasamaan , at mula sa paggawa ng kamalian o kasalanan na hindi mo mapapatawad ...

## MGA TUNTUNIN NG MAGANDANG ASAL SA PANALANGIN

**O Allah** humihingi ako sa iyo ng kanlungan mula sa kasamaan ng pagtanda , patnubayan Mo ako para magawa ko ang mga kabutihang gawa at kagandahan ng asal sapagkat ikaw Lamang ang bukod tanging maaring makapatnubay nito at maka-kapag ligtas sa akin sa mga Kasamaan na ito .

**O Allah** patatagin mo ang aking paniniwala , palawigin mo ang aking buhay , at biyayaan Mo ang aking pamumuhay .

**O Allah** naghahangad ako sa iyo ng kanlungan mula sa katigasan ng puso , kapa-bayaan , Pang aalipusta , at kahirapan . naghahangad ako sa iyo ng kan-lungan mula sa kawalan ng Pananampalataya , kasamaan , kapalaluan , at kawalan ng katapatan . naghahangad ako Sa iyo ng kanlungan mula sa kawalan ng pandinig , kapipihan , kawalan ng paningin ,at sa Lahat ng uri ng karamdaman .

**O Allah** panatagin mo ang ang takot sa iyo sa aking sarili , linisin mo ang aking sarili , ikaw Lamang ang may kakayahan na maaring makapaglinis dito , naghahangad ako ng iyong Kanlungan mula sa kaalamang hindi mapapa-kinabangan , mula sa puso na hindi nanginginig Ng takot sa iyo , mula sa sariling hindi nakukuntento , at mula sa panalangin na hindi Diniriniig .

**O Allah** naghahangad ako ng kanlungan sa iyo mula sa mga masasama kong gawa , at mula Sa mga masasamang hindi ko nagawa . naghahangad ako ng kan-lungan sa iyo mula sa pagka wala ng iyong awa , at mula sa pagbabago ng iyong pangangalaga , at mula sa biglaan mong pagpaparusa , at sa lahat ng iyong pagkagalit .

**O Allah** naghahangad ako ng iyong kanlungan mula sa pagkawasak at pagbagsak, mula sa Pagkalunod , at pagkasunog , at mula sa pagka inutil, nagha-hangad ako ng kanlungan sa iyo Mula sa panlilinlang ni satanas sa aking kamatayan, naghahangad ako ng kanlungan sa iyo Mula sa pagkagat ng makamandag na nilikha , naghahangad ako ng kanlungan sa iyo mula sa kasakimang ugali .

**O Allah** panginoon ka sa langit at lupa . at panginoon ka ng dakilang trono , at ikaw ang panginoon namin , na panginoon ng lahat ng nilalang , na nagbibigay buhay sa lahat ng tanim at kahoy , na nagpapanaog sa banal na Torah , An-gel , at Qur'an . naghahangad ako ng kublihan sa iyo mula sa kasamaan ng lahat ng nilalang , ikaw ang simula at wala ng nauna sa iyo , ikaw ang huli at wala ng susunod pa sa iyo , ikaw ang nasa ibabaw at wala ng papantay sa iyo , ikaw ang nasa loob at wala ng maitatago sa iyo , iahon mo ako mula sa

pagkakautang , at mula sa kahirapan ng hanapbuhay .

# MGA DUA NA BAGAY GAMITIN

**O Allah** naghahangad ako sa iyo ng kanlungan mula sa masasamang ugali at masasamang Gawa , at masasamang hangarin ,masasamang karamdaman . naghahangad ako sa iyo ng Kanlungan mula sa pagkabaon sa utang , mula sa paghamak ng ibang tao , at mula sa pang – Alipusta ng kaaway .

**O Allah** palakasin mo ang aking paniniwala na siyang aking tanggulan , gawin mo ang Daigdig na ito na mabuting lugar para sa aking paglalakbay , at pagkalooban mo ako ng Matiwasay na buhay sa kabilang buhay na siyang aking patutunguhan , gawin mo ang aking Buhay na masagawa sa lahat ng kabutihan at ang aking kamatayan na pamamahinga sa Lahat ng kasamaan .

**O Allah** alalayan mo ako at tulungan mo ako , at huwag mong payagan ang iba na magapi Ako , patnubayan mo ako at gawin mong madali ang pagsunod ko sa pamamatnubay mong ito.

**O Allah** gawn mo akong nag-aalala sa iyo , tumatanaw ng utang na loob sa iyo , tapat at Masunurin sa iyo , puno ng takot sa iyo , masigasig sa pananalangin , at nagsisi. O aking Panginoon tanggapin mo ang aking pagsisi , hugasan mo ang aking kasalanan , tugunin mo Ang aking mga panalangin , patatagin mo ang aking pagkamatapat , patnubayan mo ang aking Puso , gawin mong matapat ang aking dila , at tanggalin mo ang mga hinanakit sa aking puso .

**O Allah** humihingi ako ng matibay na isip at katatagan sa pagsunod sa iyong patnubay , Hinihiling ko sa iyo na gawin mo akong kumikilala sa iyong kagandahang loob, na makapag Lingkod ng mabuti sa iyo , at pagkalooban mo ako ng panatag na puso, at mapagtapat na Dila , hinihiling ko sa iyo na pagkalooban mo ako ng nalalaman mong mabuti at bigyan mo Ako ng kaligtasan mula sa kabuktutan , at patawarin mo ako, ikaw ang nakakaalam ng Hindi nakikita .

**O Allah** bigyan mo ako ng magandang pag-uugali , at iligtas mo ako sa kasamaan ng Aking pagkamakasarili . O allah hinihiling ko sa iyo na patnubayan mo ako sa pagsasagawa Ng mararangal na gawain at pag iwas sa masasamang gawa , at magmahal sa kanila na Mapagpakumbaba , at patawarin mo ako at pagkalooban mo ako ng awa , at kung naisin Mong subukin ang iyong mga tagapaglingkod kupkupin mo ako bago ako tuluyang Mahulog dito .

**O Allah** hinihiling ko ang iyong pagmamahal at ang pagmamahal nila na nagmamahal Sa iyo , at ang nauukol na pagmamahal sa bawat kilos o gawa na siyang magdadala sa Akin upang mapalapit sa iyong pagmamahal . O allah hinihiling ko sa iyo ang pinakamabuti Sa mga kahilingan para sa kagalingan ng aking panalangin, para sa pinakamahusay na Tagumpay , at para sa pinakamabuting gantimpala .

**O Allah** palakasin mo ako , gawin mong mas mabigat ang timbang ng aking kabutihan , Patotohanan mo ang aking paniniwala, pataasin mo ang aking katayuan , tanggapin mo Ang aking mga panalangin , at patawarin mo ang aking mga pagkakamali, at hinihiling ko Sa iyo ang pinakamataas na katayuan sa paraiso , mabuting wakas , ang kabuuan ng Kabutihan mula sa simula hanggang sa huli . mula sa loob at labas, at hinihiling ko sa iyo Ang pinakamataas na katayuan sa paraiso .

# MGA DUA NA BAGAY GAMITIN

**O Allah** hinihiling ko sa iyo na buksan mo sa akin ang lahat ng kabutihan mula sa simula Hanggang sa katapusan , ibigay mo sa akin ang pinakamataas na katayuan sa paraiso .

**O Allah** hinihiling ko sa iyo na bigyan mo ako ng mataas na pag alala sa iyo, patawarin mo Ang aking mga pagkakasala , linisin mo ang aking puso , pangalagaan mo ang aking kaligtasan.

**O Allah** biyayaan mo ako sa aking pandinig , sa aking paningin , sa aking kaluluwa , sa aking Katawan , sa aking pag uugali , biyayaan mo ako sa aking buhay , sa aking pamilya , sa aking Hanapbuhay , tanggapin mo ang aking mabubuting gawa , at hinihiling ko sa ang mataas na katayuan sa paraiso .

**O Allah** humihingi ako sa iyo ng kanlungan laban sa kapahamakan , kahirapan , masamang Kapalaran , kaapihan at pang-aalipusta ng mga kaaway . o allah na pumipigil ng puso panati- Lihin mo ang puso ko na matibay sa iyong pananampalataya , panatilihin mo ito na nakalulugod sa pagsunod at panalangin sa iyo .

**O Allah** pagkalooban mo kami ng marami at huwag bawasan , ipagbunyi mo kami at huwag Ilagay sa kahihiyan , ibigay mo sa amin ang iyong mga tulong at huwag mo kaming bawian Piliin mo kami at huwag iba ang piliin mo nang higit sa amin , bigyan mo kami ng magandang hahantungan sa lahat ng ginagawa namin , at ilayo mo kami sa kapahamakan sa mundong Ito at ilayo mo kami sa parusa sa impyerno .

**O Allah** pagkalooban mo kami ng lubhang takot sa iyo upang ito ang mamagitan sa amin Sa mga gawa na may pagsuway sa iyo , lubhang pagtalima sa iyo na magdadala sa amin sa Iyong paraiso , at labis na katiyakan na magpapagaan ng aming mga kapighatian sa mundonglto , hayaan mong ikalugod namin ang aming pandinig , aming paningin , at aming mga kakayahan habang pinagkakalooban mo kami ng buhay , sana ay maging ito ang pinakahuli Mong kukunin sa amin , ipaghiganti mo kami mula sa kanila na puminsala sa amin , tulungan mo kami laban sa aming mga kaaway , huwag mong pahintulutan na mangyari ang anumang Kapahamakan sa aming pananampalataya , huwag mong pahintulutan na mas pahalagahan namin ang mga makamundong gawain na siya naming nalaman , at huwag mong payagan na silang mga walang takot sa iyo at hindi nagbibigay awa ang makapangibabaw sa amin .

# MGA DUA NA BAGAY GAMITIN

**O Allah** hinihiling ko na ipagkaloob mo ang awa mo sa akin , na patawarin mo ako , At iligtas mo ako sa bawat kasalanan , na hatian mo ako ng bawat kabutihan , at ipagkaloob Mo sa akin ang pagtatamo ng paraiso at kaligtasan mula sa apoy ng imyerno .

**O Allah** huwag mo kaming iwanan sa kalagayang hindi mo ginawaran ng kapatawaran , Maging sa mga pagkukulang na hindi mo kinublihan , maging sa mga pag iingat na hindi mo Inalis , mula sa mga pangangallangan sa daigdig na ito o maging sa kabilang buhay , ang Katuparan na siyang kapakipakinabang para sa amin at kasiya-siya sa iyo na siyang hindi mo Tinupad O pinakamaawain sa lahat na nag-kakaloob ng awa .

**O Allah** humihingi ako ng awa mula sa iyo na siyang ipatnubay mo sa aking puso, isa-ayos Ang lahat kong mga bagay-bagay , pawiin mo ang aking mga alalahanin, iligtas mo ako sa mga Nakakubli sa akin , gawin mong nagniningning ang aking mukha , dalisayin mo ang aking mga Gawa , bigyan mo ako ng lakas sa kaalaman, ilayo mo ako sa mga kapahamakan , at iligtas mo Ako sa lahat ng kabuktutan .

**O Allah** humihingi ako ng tagumpay sa araw ng paghuhukom , at buhay ng kaligayahan, At sa katayuan ng mga martir , ang magiging kasama ng mga propeta (sumaka-nila ang pag Papala at kapayapaan ) , at pagwawagi sa ibabaw ng mga kalaban .

**O Allah** humihingi ako sa iyo ng kawastuan sa paniniwala , para sa pananampalataya na Nagbibigay daan sa mabuting pag uugali , para sa tagumpay na humahantong sa walang Hangganang kaligayahan , para sa pagpapala , kalusugan , at kapatawaran mula sa iyo , at Para sa iyong kagalakan .

**O Allah** humihingi ako sa iyo ng kalusugan at kalinisan ng budhi , para sa magandang

Katangian , at ako'y masiyahan sa aking kabahagi .

**O Allah** naghahanap ako ng kanlungan sa iyo mula sa kapalaluan ng aking sarili , at mula Sa kapalaluan ng bawat nilikha na siya mong dinadakmal sa kanilang bumbunan . o aking Panginoon panatilihin mo ako sa matuwid na landas .

**O Allah** naririnig mo ang aking mga salita , nakikita mo ang aking kalagayan , batid mo Kung ano ang nasa labas at kalooban ng aking sarili , walang nakatago mula sa iyo , ako ay isang malungkot na nangangailangan , mapagpakumbabang humihingi ng iyong kapatawaran , Ako ay nagsusumamo sa iyo na may kababaang loob sa aking puso , na may pangangatal , May pangamba sa pagpapahayag ng kawalang kaya . humihingi ako ng iyong awa na tulad ng isang Hamak na taong yagit o tulad ng isang nagpapakumbabang nagkasala , humihingi ako ng iyong awa na tulad ng isang takot na takot na alipin na nakayuko sa iyo ang ulo na nanginginig Ang boung kalamnan at katawan .

# MGA DUA NA BAGAY GAMITIN

**O Allah** sa iyo sumusuko , sa iyo lamang ako naniniwala , sa iyo lamang ako nanalig , Sa iyo ako bumabalik , at sa iyo ako makikipagpatayan . humihingi ako ng kublihan sa iyo Mula sa pagkawala sa matuwid na landas , sapagkat ikaw lamang ang tanging nag iisang Tunay na diyos na buhay na walang kamatayan , samantalang ang mga jinn at tao ay dadaan Lahat ng kamatayan .

**O Allah** humihingi ako ng kanlungan sa iyo mula sa kaalaman na walang pakinabang , mula sa mga pusong walang takot sa iyo , mula sa mga sariling hindi nakukuntento , at mula sa Panalangin na hindi tinutugon .

**O Allah** naghahangad ako ng kanlungan sa iyo mula sa kasamaan ng pag uugali , at mula Sa kasamaan ng gawa , at sa masasamang hangarin at masasamang karamdaman, O Allah Patatagin mo ang aking paniniwala at tulungan mo akong mapalayo sa kasamaan ng aking Sarili . O Allah patnubayan mo ako sa mga halal na hanapbuhay at at ilayo mo sa mga bawal , O Allah hinihiling ko ang iyong gabay na magdadala sa akin tungo sa pagkamatuwid , pagka Matarong , at pagkamasalamatin sa mga bigay mong biyaya . O Allah gabayan mo ako at Ituwid mo ako sa lahat ng aking gawain .

**O Allah** hinihiling ko sa iyo na ibigay mo sa akin ang lahat ng kabutihan , sa mundong ito At sa kabilang buhay , mga kabutihan na alam ko o di ko nalalaman . naghahangad ako ng Kublihan sa iyo mula sa lahat ng kasamaan , sa mundong ito at sa kabilang buhay , mga Kasamaan na alam ko o hindi ko nalalaman . hinihiling ko sa iyo na bigyan mo ako ng tulad Ng mga mabubuting hiniling sa iyo ng lingkod mo na aming propeta (سبحانه وتعالى) , at naghahangad ako Ng kanlungan sa iyo mula sa lahat ng mga masasama na hiningan sa iyo ng iyong lingkod na aming propeta (سبحانه وتعالى) ng kanlungan .

**O Allah** hinihiling ko sa iyo na papasukin mo ako sa paraiso ng hindi na ako dadaan ng Anumang hirap o parusa , patnubayan mo ako sa paggawa ng mga mabubuting salita o gawa Na makapaghahantong sa akin sa paraiso , naghahangad ako ng kublihan sa iyo mula sa Impyerno , at sa mga salita o gawain na ikapapasok ng tao sa impyerno. hinihiling ko sa Iyo na gawin mong pinakamabuti sa akin ang kung anuman ang iyong ibinigay na tadhana Sa akin . walang tunay na diyos kundi ikaw lamang . nag iisa ka at walang katambal , nasa Sa iyo ang lahat ng papuri at ikaw lang ang nasusunod , hawak mo ang buhay at kamatayan. Nasa kamay mo ang lahat ng kabutihan at kakayahan .

Subhanallahi walhamdu lillahi wa laa ilaaha illallahu Allahu akbar , wa laa khawla wa laa Quwwata illaa billahil aleyel adheem .
Wa sallallahu alaa sayyidina Muhammadin wa alaa aalihi wa sahbihi wasallam …

# Panalangin sa Paglalakbay

**Sa ngalan ng Allah , Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allah**

**Sa ngalan ng Allah , Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allah**

**" ANG KABANALAN AY SA ALLAH NA LUMIKHA DITO SA ATIN , NA DI NATIN KAYA NGUNIT GUSTO NIYA , TUNAY NA SA PANGINOON TAYO BABALIK "**

Bismillah, elhamdulillah

سُبْحَٰنَ ٱلَّذِى سَخَّرَ لَنَا هَٰذَا وَمَا كُنَّا لَهُۥ مُقْرِنِينَ ﴿١٣﴾ وَإِنَّآ إِلَىٰ رَبِّنَا لَمُنقَلِبُونَ ﴿١٤﴾

"Alhamdu lillah , Alhamdu lillah , Alhamdu lillah , Allahu akbar , Allahu akbar , Allahu akbar Ang kabanalan ay nararapat sa iyo o Allah , O Allah nadaya ko ang sarili ko kung kaya nalubog Ito sa Kasalanan , ibigay mo sa akin ang iyong kapatawaran , sapagkat wala ng ibang maaring Magpatawad maliban sa iyo .

Panalangin sa Paglalakbay :

Allahu Akbar, Allahu Akbar, Allahu Akbar.

سُبْحَٰنَ ٱلَّذِى سَخَّرَ لَنَا هَٰذَا وَمَا كُنَّا لَهُۥ مُقْرِنِينَ ﴿١٣﴾ وَإِنَّآ إِلَىٰ رَبِّنَا لَمُنقَلِبُونَ ﴿١٤﴾

kabanalan ay sa Allah na lumikha dito sa atin , na di natin kaya ngunit gusto niya , tunay na sa panginoon Tayo babalik " O Allah hinihiling ko sa iyo na gawin mong para sa kabutihan at takot sa iyo ang paglalakbay kong ito , at gabayan mo ako upang ang ikagagalak mo ang siya kong magawa . O Allah pagaanin mo at huwag mong iparamdam sa akin ang hirap at pagod sa paklalakbay kong ito , O Allah ikaw ang kasama sa paglalakbay at ikawRin ang pinag iwanan ko sa aking pamilya , naghahangad ako sa iyo ng kanlungan mula sa mga kapahamakan ng paglalakbay at masasamang tanawin , at mula sa hindi kanais-nais na pangyayari sa pamilya at ari-arian ko.

sa pag uwi naman ay ito rin ang binabasa kaya lang idagdag mo ang : uuwi na kami na kasama ang kapatawaran ng Allah , ang allah ang sasambahin at pupurihin ...

ANG PANALANGIN SA PAGITAN NG PUKNOL YAMANI AT HAJAR ASWAD

رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِى ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِى ٱلْءَاخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿٢٠١﴾

**Ang panalangin sa pagitan ng Alrokn Yamani at Hajar Aswad :**

**O Panginoon ibigay mo sa amin ang kabutihan sa mundong ito at kabutihan sa kabilang buhay .**

ANG PANALANGIN SA SAFA AT MARWA

۞ إِنَّ ٱلصَّفَا وَٱلْمَرْوَةَ مِن شَعَآئِرِ ٱللَّهِ

**Panalangin sa safa at marwa :**

Nang lumapit ang propeta (ﷺ) sa safa ay binasa niya ang : ( katotohanan ang safa at marwa ay kasama sa mga Palatandaan ng Allah ) magsisimula ako kung saan nagsimula ang Allah ... at nagsimula sa safa ... Umakyat siya rito para makita ang ka'aba at humarap siya dito at nagwika ng kaisahan ng Allah at nagtakbir na Nag wika ng : walang tunay na diyos maliban kay Allah na nag iisa na walang katambal , nasa kanya ang pag Papasiya , nasa kanya ang papuri at kakayahan . walang tunay na diyos maliban kay Allah na nag iisa , na Tinupad niya ang kanyang pangako , tinulungan niya ang kanyang alipin , at tinalo niya mag isa ang grupong nang aapi .at siya'y nanalangin sa pagitan nito , at sinabi niya ito tatlong beses , at ginawa rin ito sa marwa .

## CONCLUTION

***O Marangal na Hajji :***

Ikaw na dumating mula pa sa liblib at malayong lugar Karapat-dapat lamang ng labis mong pangalagaan ang hajj mo mula sa mga bastos na salita o gawa , mula sa mga kasamaan , mula sa pakikipagtalo , mula sa mga ipinagbabawal ng atingRelihiyong islam . ang dapat ay pagsikapan mong maisagawa ang hajj ng ayon sa paraan na Itinuro ng Banal na Qur'an at ayon sa pamamaraan ng propeta (ﷺ), nang sa ganun ay makamitMo ang malaking gantimpala at patawarin ng Allah ang iyong mga kasalanan punan niya ang Iyong mga kakulangan , iangat niya ang iyong antas sa buhay , at italaga niya ang kanyang Biyaya at paraiso sa iyo . dahil yan ang sinasabing Hajj Mabroor .

Ang Hajj Mabroor na walang gantimpala kundi ang Paraiso ay yung hajj na sumunud ng maigi Sa mga alituntunin ng hajj at ginawa ng tumpak sa mga nasabing pamamaraan , na walang Halong kasamaan , na pinangalagaan ng mabuti , ang sabi ng mga Fuqaha : Ang Hajj Mabroor Ay ang isinagawa na walang halong masama habang ito ay isinasagawa.

Kaya kung may pananampalataya sa puso mo sikapin mong sundin ang Banal Na Qur'an at Sikapin mong masunod ang sugo ng Allah na si Muhammad (ﷺ) , at gawin mong modelo ka Sa kagandahan ng pakikitungo sa mga kapwa mo mga hajji ng sagradong tahanan ng Allah Para maging Hajj Mabroor ang iyong hajj at maging kaaya-aya ang iyong pagsa sa'ey .

At uuwi ka sa iyong pamilya na tulad ka ng isang bago pa ipinanganak na wala ni katiting Na kasalanan . O Kapatid : pagka ikaw ay umuwi na sa iyong bayan at hinihila ka ng sarili mo sa isang kasalanan :

Alalahanin itong mga araw na nag iikot sa ka'aba at sa pagitan ng safa at marwa . Alalahanin itong mga oras ng pananatili mo sa arafa na iniaangat mo ang mga kamay mo Katotohanan tutulungan ka ng Allah basta sensero ka sa pag iwas ng mga kasamaan at Kabuktutan .

Hinihiling namin sa Allah na gawin niyang Hajj Mabroor ang Hajj natin, at Sa'ey na mapa- Salamatin ang ating sa'ey sapagkat si Allah lamang ang tigib ng Awa at kakayahan .

Wa sallallahu alaa nabi-ena muhammadin wa alaa aalihi wasahbihi ajmaeen .

***Talal Ahmad Alaqeel***

# MGA NILALAMAN


| | | |
|---|---|---|
| 1 | Mga kaugalian sa paglalakbay | 8 |
| 2 | Mga meeqat sa pag ihram | 10 |
| 3 | Ang ihram | 12 |
| 4 | Mga bawal sa ihram | 14 |
| 5 | Paliwanag sa mga uri ng Hajj | 17 |
| 6 | Ang Katangian ng Umrah | 19 |
| 7 | Ang Katangian ng Hajj | 27 |
| 8 | Ika-walo ng Zulhijjah | 28 |
| 9 | Ika- siyam ng Zulhijjah | 30 |
| 10 | Almujdalifa | 32 |
| 11 | Ika-sampu ng Zulhijjah | 34 |
| 12 | Ang Tawaf Ifadha | 36 |
| 13 | Mga araw ng tasreeq | 37 |
| 14 | Tawaf na pamamaalam | 39 |
| 15 | Mga haligi at wajeb ng Hajj | 40 |
| 16 | Mga batas para sa kababaihan | 41 |
| 17 | Katangian ng pagdalaw sa masjed ng Propeta (ﷺ) | 47 |
| 18 | Mga importanting Fatwa | 53 |
| 19 | Ang Panalangin | 67 |